# DEMOKRATIKONG REBOLUSYONG BAYAN

## Pambungad

Ang pangkalahatang linyang pampulitika ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyan ay ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. Layon nitong ibagsak ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa lipunang Pilipino at kumpletuhin ang pakikibaka ng mamamayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Pinamumunuan ito ng proletaryado at hindi ng burgesya. Ito ang unang yugto ng rebolusyong Pilipino na tutungo sa susunod na yugtong rebolusyong sosyalista. Nalilikha ng demokratikong rebolusyong bayan ang mga kondisyon sa pagsulong sa ikalawang yugto ng rebolusyong Pilipino—ang sosyalistang rebolusyon.

Ang pangkalahatang linyang pampulitikang ito ay nakabatay sa Marxista-Leninistang pagsusuri sa kasaysayan ng Pilipinas, sa mga batayang suliraning kinakaharap ng mamamayan at sa mga uri na bumubuo sa lipunang Pilipino. Taglay nito ang mga aral na pinagbuwisan ng dugo, paghihirap at pakikibaka ng mamamayan, laluna ng proletaryadong Pilipino, sa pakikibaka laban sa dayuhan at pyudal na pagsasamantala at pang-aapi.

Kailangang mahigpit na sapulin at tanganan ang pangkalahatang linyang ito upang hakbang-hakbang na maisulong ang rebolusyon, maiwasan ang malalaking pagkakamali at paglihis, at matiyak ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino. Dapat lubos na unawain ng bawat kasapi ng Partido ang mga saligang katangian, mga prinsipyo, estratehiya at taktika, at mga pundamental na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan at mulat na gamitin ang mga ito bilang patnubay sa pagsusulong ng rebolusyon.

Walang tigil na nagtatangka ang kaaway na paatrasin at durugin ang demokratikong rebolusyong bayang naglalagablab ngayon sa buong bayan.

Ginagamit nito pangunahin ang pasistang bangis ng reaksyunaryong armadong pwersa laban sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Kaalinsabay ay walang tigil din itong gumagamit ng panlilinlang at pakikidigmang sikolohikal para takutin at ilayo sa landas ng armadong rebolusyon, sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan, ang mamamayan.

Ang digmang sikolohikal ng kaaway ay ipinatutupad ng kanyang armadong pwersa at iba pang mga galamay at ahente. At kabilang sa mga ahenteng naglilingkod sa layunin ng reaksyon para ilayo sa landas ng armadong rebolusyon ang mamamayan ay ang luma at bagong mga rebisyunistang taksil na walang tigil na nagpapakana at nagtatangka na maglako ng kanilang linyang antirebolusyon, ibig sabihin ang landas ng repormismo, walang taning na parlamentaryong pakikibaka, kolaborasyon at kapitulasyon.

Kapag lumuwag ang pagtangan ng Partido sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan, makakapasok at makakapaminsala sa loob nito ang linyang antirebolusyon na inilalako ng mga rebisyunistang taksil at ahente ng kaaway. Pinatunayan ito ng di pa nagtatagal na karanasan, kung saan sumulpot sa loob ng Partido ang linya ng insureksyunismong lunsod cum adbenturismong militar, na kalaunan ay sumanib sa kanang linya ng kolaborasyon at repormismo at pagkatapos ay tumungo sa tahasang rebisyunismo, pagtatakwil sa demokratikong rebolusyong bayan, kampanyang anti-Partido, at iba't ibang tipo ng petiburges na pagbuntot sa burgesya, repormismo at kolaborasyon.

Salamat sa Ikalawang Dakilang Pagwawasto at muling pinagtibay ng mga kadre at kasapi ng Partido ang mga saligang prinsipyo ng Partido, kabilang na ang linya ng demokratikong rebolusyon, itinakwil ang maling linya, at iwinasto ang mga pagkakamali.

Ang paksa ay nahahati sa sumusunod:

a. Ang Saligang Katangian ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

b. Ang Estratehiya at Makauring Batayan Nito

k. Ang Makauring Pamumuno at ang Partido Komunista ng Pilipinas

d. Ang Armadong Pakikibaka at ang Bagong Hukbong Bayan

e. Ang Saligang Alyansa at Pambansang Nagkakaisang Prente

g. Ang mga Saligang Tungkulin ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

h. Ang Perspektiba ng Rebolusyong Pilipino

## A. Ang Saligang Katangian ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

**1. Bakit pambansa-demokratiko ang kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino?**

Dahil malakolonyal at malapyudal ang katangian ng lipunang Pilipino, di-maiiwasang pambansa-demokratiko ang katangian ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino. Ito'y pambansa-demokratikong rebolusyon, rebolusyong hangad ang paglaya ng sambayanang Pilipino sa pang-aapi at pagsasamantalang dayuhan at pyudal.

Pambansang rebolusyon ito pangunahin dahil naglalayong igiit ang pambansang soberanya laban sa imperyalismong US at mga katutubong utusang aso nito. Demokratikong rebolusyon ito pangunahin dahil naglalayon itong isakatuparan ang pakikibakang magsasaka para sa lupa at laban sa katutubong pyudalismo, at itaguyod ang mga demokratikong karapatan ng malawak na masa ng sambayanan laban sa pasismo. Nilulutas ng pambansa-demokratikong rebolusyon ang mga saligang kontradiksyon sa lipunang Pilipino — ang kontradisyon sa pagitan ng bansang Pilipino at ng imperyalismo, at ang kontradiksyon ng malawak na masa ng sambayanan at ng pyudalismo. Ang patuloy at papatinding pasismo sa saligan ay marahas na panunupil at panunugpong militar ng kontrarebolusyonaryong estado sa sambayanan sa kapakanan ng amo nitong imperyalista at pyudal.

Sapagkat pangunahing layunin ng kasalukuyang yugto ng rebolusyong Pilipino na palayain ang bayang Pilipino sa pang-aapi at pagsasamantalang dayuhan at pyudal, masasabing karugtong at pagpapatuloy ito ng rebolusyong Pilipino noong 1896 at ng Digmaang Pilipino-Amerikano, na kapwa nabigo sa pamumuno ng katutubong burgesya, higit sa lahat, sa liberal-burges na pamumuno ng pamahalaang Aguinaldo.

## 2. Bakit bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon?

Bagong tipo ang kasalukuyang pambansa-demokratikong rebolusyon dahil ang makauring pamumuno nito ay wala na sa burgesya kundi nasa proletaryado at ang patutunguhan ng rebolusyon ay hindi kapitalista kundi sosyalista. Sa panahon ng imperyalismo, lalo na nang lumitaw ang unang sosyalistang bayan sa pagtatagumpay ng Sosyalistang Rebolusyong Oktubre sa Rusya noong 1917, ang mga pambansa-demokratikong pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa mga kolonya at malakolonya ay di maiiwasang maging bahagi ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo. Sapul noon, nawala na ang mga obhetibong kondisyon para sa lumang tipo ng rebolusyong pambansa-demokratiko sa Pilipinas.

Ang pandaigdigang rebolusyong burges ay hindi na makakapagbigay ng wastong oryentasyon sa rebolusyong pambansa-demokratiko mula nang lumitaw ang imperyalismo. Ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya laban sa imperyalismo at demokratikong pakikibaka laban sa pyudalismo at pasismo ay di na mapapamunuan ng burgesya. Ang burgesya ay nahati na sa tatlong saray: ang malaking burgesya, panggitnang burgesya at petiburgesya, na may iba-ibang paninindigang pampulitika.

Hinding-hindi magnanasa ang malaking burgesya, o mga monopolyo kapitalista sa mga imperyalistang bansa na baguhin ang kaayusang may mga kolonya at malakolonya. Sila ang pangunahing nakikinabang sa kolonyal at malakolonyal na paghahari ng imperyalismo. Ang malaking komprador burgesya sa mga kolonyal at malakolonyal na bayan tulad ng Pilipinas naman ay mga prinsipal na ahente ng imperyalismo sa kalakalan at pinansya, at kasama ng uring panginoong maylupa ay pinakanakikinabang sa malakolonyal at malapyudal na kaayusan. Sila ang uring pinakamasugid na nagtataguyod sa bawat hakbang sa pulitika, ekonomya, kultura at militar na nagpapanatili at nagpapalala sa imperyalistang paghahari sa lipunang Pilipino.

Ang panggitna, o pambansang burgesya naman ay mabuway at may dalawahang katangian. Kinakatawan ng saray na ito ang kapitalistang relasyon sa produksyon sa Pilipinas. Ginigipit sila nang husto ng imperyalismo, naghahangad maging malaking burgesya, at mahina ang basehang pang-ekonomya kaya't wala nang pagkakataong paunlarin nang husto ang kapitalismo o maghari sa kasalukuyang estado.

Malaki ang bilang ng petiburgesya. Nanganganib silang bumagsak sa hanay ng manggagawa, at naghahangad rin ng pagbabago. Dahil padausdos ang kanilang kabuhayan at nagigipit sa pang-aapi at panunupil ng kontrarebolusyon, isa sila sa mga pwersang pampakilos ng rebolusyon. Gayunman, hangad nitong panatilihin ang burges na pag-aari at kaayusan, at naghahabol ng pagbabalik sa maliitang pag-aari at malayang kompetisyon.

Nasa kamay na ngayon ng proletaryado ang mabisang lideratong makauri sa rebolusyong Pilipino at wala na sa kamay ng burgesya o anumang saray nito gaya ng nangyari sa lumang tipo ng rebolusyong pambansa-demokratiko. Hindi maibabagsak ang imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo kung ang malawak na masa ng sambayanan ay hindi pamumunuan ng rebolusyonaryong Partido ng proletaryado, ang Partido Komunista ng Pilipinas, sa kataas-taasang patnubay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Ang mga rebolusyonaryong hangad at mithiin ng uring magsasaka, uring manggagawa, at petiburgesya at pambansang burgesya ay tumpak na maisusulong at matutupad sa ilalim lamang ng makauring pamumuno ng proletaryado at ng Partido nito.

Sa kasalukuyang kongkretong kalagayang malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino, kailangang ilunsad ng Partido ang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon. Bagamat proletaryo ang pamunuan, hindi pa rebolusyong proletaryo-sosyalista ang rebolusyong Pilipino. Pagkawagi ng pambansa-demokratikong rebolusyon, kapag naagaw na ang kapangyarihang pampulitika, nakukumpleto na sa saligan ang bagong demokratikong rebolusyon at masisimulan na, sa rebolusyonaryong pamumuno ng proletaryado at ng partido nito, ang rebolusyong sosyalista bilang transisyunal na yugto tungo sa komunismo.

**3. Anong saligang kalagayan sa malapyudal na malakolonyal na lipunang Pilipino ang nagtitiyak sa pagsulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan?**

Ang krisis na sosyo-ekonomiko at pampulitika ng lokal na naghaharing sistema ang matabang lupa para sa paglakas at pagsulong ng lahat ng rebolusyonaryong mga pwersa. Nagiging posible at kinakailangan ang pag-unlad ng matagalang digmang bayan bunga ng palagiang katangian ng krisis na ito.

Pinag-iibayo ng mga imperyalista, burgesyang kumprador at panginoong maylupa ang pagsasamantala sa masang manggagawa at magsasaka at petiburgesya. Kasabay nito ang pagpapatindi ng panunupil sa kanila at paggamit ng pasistang karahasan para patahimikin ang kanilang paglaban. Subalit habang nag-iibayo ang krisis na sosyo-ekonomiko at pampulitika ay lalo namang lumalawak at tumitindi ang panlipunang ligalig at ang paglaban ng masang pinagsasamantalahan at inaapi.

**4. Bakit hindi maaaring lampasan ang yugto ng demokratikong rebolusyong bayan at dumiretso agad sa sosyalistang rebolusyon tulad ng inilalako ng mga bagong rebisyunistang taksil na maka-Trotsky?**

Mali ang ipagpalagay na makakamit ang sosyalismo nang hindi muna nakakamit ang tunay na pambansang demokrasya tulad ng ipinapanukala ng mga bagong rebisyunistang taksil na maka-Trotsky.

Mali ding ipagpalagay na ang pambansa-demokratikong yugto ay di maipag-iiba sa, o kasabay ng, sosyalistang yugto. Ang walang-isip na mga anti-komunista lamang ang nagpapalagay na di tapat o mapanlinlang ang mga siyentipikong sosyalista sa kanilang pagtataguyod sa pambansang demokrasya.

Tulad ng napatunayan na ng kasaysayan, bago makamit ang sosyalistang yugto sa bayang malakolonyal at malapyudal, dapat munang makumpleto ang pambansa-demokratikong yugto. Sa kasalukuyang kalagayan natin sa Pilipinas, kailangang makumpleto natin ang pambansa-demokratikong yugto bago magkaroon ng anumang yugtong sosyalista. Kung hindi haharapin kaagad ang pangunahing demokratikong hinihingi ng malawak na masa ng mamamayan, ang tunay na reporma sa lupa, hindi mapapalahok ng proletaryado ang masang magsasaka sa rebolusyonaryong kilusan. Ang rebolusyong agraryo ang pangunahing nilalaman ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Sa Tsina, sa panahon ng demokratikong rebolusyong bayan, na malakolonyal at malapyudal noon na tulad ng Pilipinas ngayon, ito ang pagsusuri ni Mao Zedong:

> "… Isang batas ng Marxismo na makakamit lamang ang sosyalismo sa pagdadaan sa yugto ng demokrasya. At sa Tsina ang pakikibaka para sa demokrasya ay pangmatagalan. Ilusyon lamang ang pagtatangka na magtatag ng isang sosyalistang lipunan sa mga labi ng kolonyal, malakolonyal at malapyudal na kaayusan nang walang nagkakaisang

> bagong demokratikong estado, nang hindi pinapaunlad ang sektor pang-estado ng bagong demokratikong ekonomya, ang pribadong kapitalista at kooperatibang mga sektor, at ang isang pambansa, syentipiko at makamasang kultura, ibig sabihin, isang bagong demokratikong kultura, at kung hindi palalayain at pauunlarin ang indibidwalidad ng milyun-milyong mamamayan — sa madaling sabi, nang walang puspusang burges demokratikong rebolusyon na bagong tipo na pinamumunuan ng Partido Komunista."

Ipinapahayag sa atin ng siping ito mula kay Mao Zedong na siniseryoso ng mga Marxista o siyentipikong sosyalista ang burges demokratikong rebolusyon sa isang bayang malakolonyal at malapyudal. Kasinghanda silang mamatay para dito tulad ng sinumang progresibong myembro ng pambansang burgesya at petiburgesya; sa katunayan, gumagawa sila ng mas maraming sakripisyo nang walang anumang makasariling konsiderasyon kung kayat naiiba sila sa pambansang burges at petiburges.

Seryosong itinataguyod ng mga Komunista at siyentipikong sosyalista ang paggigiit sa ating pambansang soberanya, sa mas malawak na demokrasya, sa reporma sa lupa, sa isang mas mataas na antas ng kapitalistang pag-unlad ng Pilipinas, sa mga kooperatiba at sa paggamit sa "pampublikong sektor" para wasakin ang dayuhang kontrol sa ating ekonomya. Ang mga burges-demokratikong hinihinging ito ay paghahanda sa pagtatatag ng isang sosyalistang lipunan.

Sa ideolohiya, dogmatismo o ganap na walang kaalaman sa tunay na kalagayan ng ating bayan ang paggigiit na gawing kagyat na layunin natin ang sosyalismo. Ang kamaliang petiburges na ito ay kadalasang humahantong sa "kaliwang" pagkakamali tulad ng insureksyunismo na nagmamaliit sa pambansang nagkakaisang prente at labis na nagtatantya sa pampulitikang mga aksyon at impluwensya ng uring manggagawa at ispontanyong masa, at sa sektarismo laluna kaugnay ng uring magsasaka. Sa kalauna'y nauuwi sa Kanang oportunistang paggigiit sa walang taning na parlamentaryong pakikibaka, at kapitulasyunismo at kolaborasyon sa reaksyon.

**5. Bakit hindi maaaring bitiwan ang sosyalistang perspektiba ng demokratikong rebolusyong bayan tulad ng panukala ng ilang rebisyunistang taksil?**

May ilang rebisyunistang taksil na nagpapanukalang alisin ang sosyalistang perspektiba ng rebolusyong Pilipino. May ilan ring panahong

nakaimpluwensya sa rebolusyonaryong hanay ang maling pananaw na ito sa iba't ibang antas at hugis.

Nagbalatkayo ito sa panukalang ang rebolusyonaryong pulitika ng bagong estadong itatatag ay demokrasyang multipartido, kung saan ang iba't ibang partido ay may pantay-pantay na pagkakataong makahawak sa estado na pagpapasyahan sa demokratikong eleksyong bayan. Katambal nito ang panukalang ang ekonomya ng bagong lipunang itatatag ay "*mixed economy*" na pinagsasalu-saluhan ng tatlong sektor: ang sektor estado, kooperatibang sektor at pribadong sektor, nang hindi malinaw kung alin ang nangingibabaw na sektor, at sa gayon, ang pribadong sektor ang mangingibabaw, kasabay ng di puspusang "reporma sa lupa" kung saan babayaran ang mga lupain ng malalaking maylupa.

Mayroon ring nagpapanukala na alisin sa programa ng PDPP ang sosyalistang perspektiba ng pambansa-demokratikong rebolusyon dahil diumano matatakot dito ang mga pwede pang makabig na alyado at kikitid ang kasapian ng PDPP.

Ang mga rebisyunistang taksil na nagtataguyod ng pananaw na dapat bitiwan ang sosyalistang perspektiba ng pambansa-demokratikong rebolusyon ay tumatalikod na sa Marxista-Leninista-Maoistang prinsipyo ng pamumuno ng proletaryado sa rebolusyong Pilipino at ipinagkakanulo ang rebolusyong Pilipino sa burgesya.

Sa ideolohiya, kamaliang empirisismo ang manatili sa minimum na layuning pambansang demokrasya nang hindi isinasanib ito sa pangmatagalang layunin, nang hindi hinahayaang umunlad ang lakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ng mga pwersa ng sosyalismo sa loob ng pambansang nagkakaisang prente.

Ang petiburges na pagkakamaling ito sa ideolohiya ay humahantong sa Kanang oportunistang pagkakamali sa mga pampulitikang aksyon. Hinahayaan nitong mawalan ng kasarinlan at rebolusyonaryong inisyatiba ang uring manggagawa sa loob ng pambansang nagkakaisang prente sa paghahabol ng walang katapusang koalisyon sa samu't saring mumunting grupong burges at petiburges upang diumano'y mapalapad ang impluwensya sa ispontanyong masa. Sa pagpapahina ng makauring pamumuno ng partido at sa paghahabol ng koalisyon, nauuk-ok ang batayan ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, at nahahatak maging ang uring magsasaka sa ligal at

demokratikong kilusan sa kalunsuran. Nauuwi ang Kanang oportunismong ito sa kapitulasyunismo at makauring kolaborasyon.

Ang kailangan nating tuluy-tuloy na gawin ay wastong pag-ugnayin ang pambansang demokrasya at sosyalismo. Ang pagkakamit ng bagong tipong pambansang demokrasya ay makalilikha ng materyal na mga kundisyon, pag-unlad ng mga pwersa at ng perpeksyon sa mga paraan para sa sosyalismo.

## B. Ang Estratehiya at Makauring Batayan Nito

### 1. Ano ang rebolusyonaryong linya sa uri ng Partido?

Sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyon ng bayan, kailangang-kailangang gumawa ng pangkalahatang pagsusuri sa iba't ibang uri sa lipunang Pilipino. Para malaman nang komprehensibo at malalim ang mga panloob na batas at takbo ng istorikong pag-unlad ng Pilipinas, dapat nating makilala ang iba't ibang uring ito. Dapat nating malaman ang kanilang mga pampulitikang aktitud sa rebolusyon sa pamamagitan ng pagkilala sa kanilang katayuan sa ekonomya. Sa pag-alam sa kanilang katayuan sa ekonomya at mga aktitud sa pulitika, matitiyak natin kung sinu-sino ang ating tunay na mga kaibigan at sinu-sino ang ating tunay na mga kaaway sa rebolusyonaryong pakikibaka sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Matutukoy natin ang mga uri at saray sa lipunang Pilipino sa pagturing sa kanila bilang malalaking grupo ng tao na nagkaka-iba-iba ayon sa lugar nila sa sistema sa produksyong panlipunan na itinakda ng kasaysayan, sa relasyon nila sa mga kasangkapan sa produksyon (kung nagmamay-ari o hindi), sa papel nila sa panlipunang organisasyon ng paggawa, at kung gayo'y sa laki ng parte ng yamang panlipunan na nagagamit nila sa paraan ng pagkuha nito. Sa gayon, ang batayan ng pagsusuri sa mga uri ay ang relasyon ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan. Lalong nagiging malinaw ang iba't ibang uri at saray sa takbo ng pakikibakang pampulitika, kapang umiigting ang rebolusyon at kontrarebolusyon at naglalantad sa tunggalian ng mapagsamantala at pinagsasamantalahan na di mapapagkasundo. Dahil dito, ang paninindigang pampulitika ay lalong nagiging importanteng pamantayan sa pagsusuri sa mga uri.

Ang linya sa uri ng Partido sa bagong demokratikong rebolusyon ay itaguyod ang makauring pamumuno ng proletaryado, sumalig sa uring magsasaka

bilang pangunahing alyado ng proletaryado, kabigin ang petiburgesyang lunsod bilang isang progresibong pwersa, kabigin din ang panggitnang burgesya bilang isang positibong pwersa at samantalahin ang mga pagkakahati-hati sa hanay ng mga reaksyunaryo na malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa para ihiwalay at durugin ang kapangyarihan ng kaaway.

**2. Ano ang makauring batayan ng estratehiya ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?**

Ang pagsusuri sa mga uri sa lipunang Pilipino ang nagtatakda ng estratehiya at mga taktika ng rebolusyong Pilipino. Kung walang komprehensibong pagtingin sa iba't ibang uri mula sa proletaryong rebolusyonaryong pananaw, hindi natin talaga matitiyak ang ating tunay na mga kaibigan at tunay na mga kaaway. May mapagpasyang importansya sa rebolusyon ang pagkilala sa tunay na mga kaibigan at tunay na mga kaaway. Kung hindi ay makakagawa tayo ng grabeng mga pagkakamali at maililigaw natin ang rebolusyon.

Batay sa pagsusuri natin sa mga uri sa lipunang Pilipino, ang mga pwersang pampakilos o kakampi ng rebolusyong Pilipino ay ang proletaryado, ang uring magsasaka, ang petiburgesya, at sa ilang panahon sa limitadong saklaw, ang pambansang burgesya. Sila ang higit na nakakaraming mayorya ng mamamayang Pilipino na inaapi't pinagsasamantalahan ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa kabilang banda, ang mga target o kaaway ng rebolusyong Pilipino ay ang imperyalismong US at mga lokal na alipuris nito, ang mga malalaking burges na komprador, ang mga panginoong maylupa at ang mga burukratang kapitalista. Sila ang napakaliit na minorya ng populasyon. Kailangan silang ibagsak para makamit ang pambansang kalayaa't demokrasya.

Sa tamang pagsunod natin sa rebolusyonaryong linya sa uri, pwedeng pukawin at mobilisahin ang pwersang parang higanteng kukubkob o gigipit, maghihiwalay at dudurog sa mga kaaway ng rebolusyong Pilipino. Nananawagan tayo sa buong bansang Pilipino na maglunsad ng pambansang gera sa pagpapalaya laban sa imperyalismong EU. Nananawagan tayo sa malawak na masa ng mamamayan na maglunsad ng demokratikong rebolusyon, na pangunahi'y gerang magsasaka, para durugin ang pyudal na batayang panlipunan ng paghaharing imperyalista.

# K. Makauring Pamumuno at ang Partido Komunista ng Pilipinas

**1. Bakit sa pamumuno ng proletaryado lamang maaaring magtagumpay ang rebolusyong Pilipino?**

Hindi magkakaroon ng matagumpay na rebolusyon kung walang wastong pamumuno ng isang tiyak na uri. Ang proletaryado ang namumunong uri sa rebolusyong Pilipino ngayon. Ito ang tagapamandila ng unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Kung wala ang pamumuno ng proletaryado sa pamamagitan ng pinakaabanteng destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas, hindi maaaring lumitaw ang tunay na rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon.

Sa buong kasaysayan ng sangkatauhan, ang proletaryado ang lumitaw na pinakaabanteng pwersa sa produksyon sa pamamagitan ng paglikha sa mga modernong kasangkapan sa malakihang produksyon. Batay sa katayuan nila sa ekonomya at karanasan sa pulitika, sila ang naging pinakaabanteng pwersang pampulitika sa buong mundo at sa buong bansa.

Mula noong Unang Digmaang Pandaigdig at Rebolusyon ng Oktubre, nang pumihit ang takbo ng kasaysayan ng mundo sa landas ng sosyalismo mula sa landas ng kapitalismo, ang proletaryadong Pilipino lamang ang nagkaroon ng kakayahang unawain at yakapin nang husto ang mga mithiing makabayan at progresibo ng buong sambayanang Pilipino. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ng pambansang paglaya ng sambayanang Tsino at iba pang mga sambayanan, at pagkatapos ng Dakilang Proletaryong Rebolusyon sa Kultura, lalo pang luminaw ang istorikong papel ng proletaryadong Pilipino bilang namumunong uri ng rebolusyong Pilipino.

Nitong nakaraang limampung (50) taon, sila ang uri sa lipunang Pilipino na nangahas sa mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga dayuhan at lokal na mang-aapi't mapagsamantala. Sila ang uring nakapagtamo ng pinakamalalim na karanasan at mga aral sa kongkretong praktika ng rebolusyong Pilipino.

Dahil sa kalikasan ng uring proletaryo, hindi lamang sa kagyat na hinaharap makakaya nilang magbigay ng rebolusyonaryong liderato kundi pati sa malayong hinaharap hanggang maabot ang yugto ng komunismo.

Pinamumunuan nila ang kasalukuyang yugto ng demokratikong rebolusyon ng bayan at pamumunuan din ang kasunod na yugto, ang rebolusyong sosyalista.

**2. Paano tinitiyak ng Partido ang wastong pamumuno sa rebolusyong Pilipino?**

Tungkulin ng Partido na tumpak na ilapat ang unibersal na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng lipunang Pilipino. Para matupad ito, palagiang tungkulin ng Partido na magpakahusay sa pag-unawa sa rebolusyonaryong teorya, patuloy na mag-aral ng kongkretong kalagayan at praktika, at batay dito, paunlarin ang sariling pag-unawa sa obhetibong batas ng rebolusyong Pilipino. Sa gayon, natitiyak ng Partido ang wastong mga patakaran at ang tumpak na estratehiya't mga taktika na magsusulong sa rebolusyon. Ang praktikal na pamumuno at mga patakaran nito ang nagtatakda ng landas ng rebolusyonaryong kilusan.

Bagamat may kaliitan ang proletaryado sa malakolonyal at malapyudal na lipunang gaya ng Pilipinas, ang Partido Komunista ng Pilipinas, bilang pinakasulong na destakamento nito, ay umuugat sa hanay ng malawak na masa at nagpapalakas bilang di-magagaping pwersa sa ubod ng buong rebolusyonaryong kilusang masa. Matibay na iniuugnay ng Partido ang proletaryado sa uring magsasaka, at sa iba pang rebolusyonaryong uri at grupo sa Pilipinas. Sa pagbibigay ng proletaryong pamumuno sa uring magsasaka, nahahawakan ng Partido ang malakas na hukbong bayan bilang pangunahing sandata at nakakapagpaunlad ng batayan sa paggamit ng isa pang makapangyarihang sandata, ang pambansang nagkakaisang prente ng lahat ng rebolusyonaryong uri at saray.

Mulat sa panganib ng makabagong rebisyunismo, ng pagpapatuloy ng kontra-rebolusyonaryong linyang rebisyunista ng mga Lava at Taruc, at ng pag-usbong ng oportunismo sa iba't ibang anyo, naglulunsad ang Partido ng kilusang nagwawasto at nagsasagawa ng pakikitunggaliang pang-ideolohiya upang maiwaksi ang mga pagkakamali sa nakaraan at sa bawat panahon.

## D. Ang Kalakhang Pwersa at ang Armadong Pakikibaka

**1. Bakit ang uring magsasaka ang kalakhang pwersa ng demokratikong rebolusyong bayan?**

Kalakhang pwersa ang uring magsasaka ng rebolusyong Pilipino. Ito ang pinakamalaking pwersang masa sa malakolonyal at malapyudal na bayan. Kung wala ang makapangyarihang pagtataguyod nito, hindi kailanman magtatagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan. Ang suliranin ng uring magsasaka, ang suliranin sa lupa, ang siyang pangunahing suliranin ng demokratikong rebolusyong bayan. Sa paglutas lamang ng suliraning ito mapupukaw at mapapakilos ng proletaryado at ng Partido ang masang magsasaka.

Walang kalutasan ang suliraning magsasaka kundi ang maglunsad ng armadong pakikibaka, magbunsod ng rebolusyong agraryo at magtayo ng mga rebolusyonaryong base. Sa paglulunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka para sa lupa bilang paraan para isakatuparan ang pangunahing demokratikong nilalaman ng rebolusyong Pilipino, tinutupad ang sentral na tungkulin sa buong rebolusyonaryong kilusan na agawin at patatagin ang pampulitikang kapangyarihan. Mabubuo ang mga pangunahing armadong pangkat ng rebolusyonaryong Pilipino sa paglulunsad lamang ng digmang magsasaka — ng digmang bayan. Kaya, hindi maiiwasan na sa uring magsasaka magmula ang lubhang nakararami sa mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan.

Sa rebolusyong agraryo, hakbang-hakbang na ibinabagsak ang kapangyarihang pang-ekonomya at pampulitika ng uring panginoong maylupa sa kanayunan. May dalawang yugto ang rebolusyong agraryo. Ang minimum na programa nito ay ang pagpapababa ng upa sa lupa at pagpawi ng usura. Ang maksimum na programa nito ay ang pagkumpiska ng lupa ng mga panginoong maylupa at libreng pamamahagi nito sa masang magsasaka. Para mailunsad, maisulong at makonsolida ang mga tagumpay nito, ang rebolusyong agraryo ay kailangang mahigpit na iugnay sa armadong pakikibaka at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base. Maisusulong ang reporma sa lupa hanggang sa katumbas na antas ng paghina o pagkadurog ng kapangyarihang pampulitika ng mga panginoong maylupa sa kanayunan. Sa kabilang banda, ang pagpukaw at pagkilos ng masang magsasaka ay mapagpasya para sa matagumpay na

pagsulong ng armadong pakikibaka at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base.

**2. Bakit armadong pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan?**

Hindi isusuko ng mga naghaharing uri ang kapangyarihan nang walang labanan. Pangunahing umaasa sila sa kontra-rebolusyonaryong armadong lakas upang panatilihin ang kanilang paghahari at ipagtanggol ang makauring interes laban sa mamamayan. Kayat sa pamamagitan lamang ng armadong pakikibaka maaagaw sa kanila ang kapangyarihang pampulitika.

Dagdag pa, ang pangunahing suliranin ng rebolusyon ay malulutas at ang kalakhang pwersa ng rebolusyon, ang uring magsasaka, ay mapupukaw lamang sa pamamagitan ng rebolusyong agraryo na mahigpit na kalakip ng armadong pakikibaka. Ang pagbubuo ng lakas na kailangan para maisulong ang rebolusyon hanggang sa ganap na tagumpay ay matutupad lamang sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.

Kayat ang pangunahing anyo ng ating rebolusyonaryong pakikibaka ay ang armadong pakikibaka. At ang pangunahing diin ng gawaing masa natin ay nasa kanayunan kung saan ang masang magsasaka ay mapupukaw upang hakbang-hakbang na isulong ang armadong pakikibaka.

Segundaryo ang papel ng parlamentaryong pakikibaka na inilulunsad pangunahin sa kalunsuran. Ang kalunsuran ang sentro ng kapangyarihang pang-ekonomya, pampulitika at militar ng kaaway. Pagkakamali ng isang Partido Komunista sa isang bayang malakolonyal at malapyudal na ituon ang pangunahing diin sa gawaing masa sa kalunsuran sa halip na sa kanayunan. Ang gayong pagkilos ay pagbubulid sa "kaliwang" oportunistang kamaliang tangkain na agawin ang kapangyarihan batay sa pangmasang lakas ng proletaryado sa kalunsuran nang walang sapat na pagtataguyod ng uring magsasaka, o kaya'y sa kanang oportunistang kamaliang lubusang umasa sa parlamentaryong pakikibaka at di-makaprinsipyong pakikipagkompromiso sa mga imperyalista at naghaharing uri tulad ng tangka ngayong gawin ng mga lokal na rebisyunistang taksil. Gayunman, kailangan ang mahigpit na pagtutulungan ng armadong pakikibaka at parlamentaryong pakikibaka at ng rebolusyonaryong kilusan sa kanayunan at sa kalunsuran para sa iisang layuning maipatupad ang sentral na tungkulin ng rebolusyon.

### 3. Ano ang digmang bayan?

Inilulunsad natin ang demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng digmang bayan. Ibig sabihin, ang pangunahing anyo ng ating rebolusyonaryong kilusan ay armadong pakikibaka na nilalahukan ng malawak na masa ng sambayanan, laluna ng masang magsasaka. Sa pamamagitan ng digmang bayan, na inilulunsad pangunahin sa kanayunan, nilulutas natin ang suliranin sa lupa. Ang pangunahing kasangkapan nito ay ang hukbong bayan.

May tatlong di mapaghihiwalay na sangkap ang pagpapaunlad ng digmang bayan sa kanayunan: armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, baseng bukid. Ang tatlong ito ay nagtutulungan. Sa paglulunsad ng armadong pakikibaka at tagumpay sa labanan ay nalilikha ang mga kalagayan para palawakin ang mga base. Ang base ay ginagamit ng armadong pwersa ng mamamayan para masukol ang pwersa ng kaaway.

Kung marami ang base, marami rin ang lugar na mapaglulunsaran ng rebolusyong agraryo. Sa paglulunsad nito, lalo namang napatatatag ang mga base dahil nalilipol ang mga pwersang pyudal at ang kanilang kapangyarihang pampulitika. Ang pagpukaw at pagpapakilos sa masang magsasaka ay mapagpasya para sa matagumpay na pagsulong ng armadong pakikibaka at pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base. Sa kabilang banda, ang pagsulong naman ng rebolusyong agraryo ay umaagapay sa antas ng paghina o pagkadurog ng kapangyarihang pampulitika ng mga panginoong maylupa sa kanayunan.

Ang demokratikong kapangyarihang bayan ay itinatayo sa kanayunan sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Sa pagtibay ng mga baseng bukid sa larangan ng pulitika at ekonomya ay nalilikha ang simula ng bagong estado sa loob ng lumang estado. Sa kanayunan ay nalilikha ang isang armadong independyenteng gubyerno.

### 4. Ano ang estratehikong prinsipyong pumapatnubay sa pagsusulong ng digmang bayan?

Kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan. Ito ang estratehikong prinsipyong pumapatnubay sa pagsusulong ng digmang bayan. Nasa kanayunan ang pinakamahinang kawing ng kaaway. Dito makakapag-ipon ng lakas ang hukbong bayan hanggang sa magkaroon ng kakayahang sumalakay at maagaw ang pampulitikang kapangyarihan sa mga lunsod. Nasa kanayunan

ang pinakamalawak na lugar ng mapagmamaniobrahan ng mga yunit ng hukbong bayan at ang masang magsasaka na siyang pangunahing pwersa ng rebolusyon. Sa kanayunan, mapipilitan ang kaaway na ikalat nang manipis ang mga pwersa niya at maakit silang pumasok sa mga lugar na kung saan ang inisyatiba ay nasa kamay ng hukbong bayan.

Bagamat sa simula ay estratehikong nakukubkob tayo ng kaaway, isa laban sa sampu, sa taktika'y makukubkob naman natin sila, sampu laban sa isa. Sa katagalan, ang agos ng digma ay tiyak na maibabaling laban sa kaaway habang nababawasan ang kanyang aktwal na pwersa at sa mga dahilang pampulitika'y lalo siyang mahihirapan na punan ang mga ito. Sa lahat ng sandali, mapipilitan siyang magtalaga ng napakalaking pwersang militar kahit na lamang sa nakapakong pagtatanggol sa lunsod, malalaking kampo at pangunahing linya ng komunikasyon at tranportasyon. Sa katagalan, ang kanyang parasitiko at pasibong pwersang militar ay lalong papanghihinain ng pagkakasangkot sa hidwaan ng mga paksyon ng mga reaksyunaryong uri.

Sa pagpapatupad sa estratehikong prinsipyo ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan, mapagpasya ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong base at ang pagsulong nang paalun-alon mula sa mga ito. Ang mga rebolusyonaryong base ang likuran at lunsaran ng mga aksyong militar ng hukbong bayan. Kailangang magpalitaw ng mga sonang gerilya at paunlarin ito hanggang maging baseng gerilya at baseng pook. Sa pagtatayo ng mga base, tinitiyak ang matatag na baseng masa, matatag na organisasyon ng Partido, may kalakasang hukbo, kalupaang mainam sa operasyong militar at sapat na kabuhayang panustos.

## 5. Bakit matagalan ang digmang bayan?

Para mabago ang timbangan ng lakas sa panig ng hukbong bayan at rebolusyon, kailangan ang matagal na panahon ng pag-iipon ng lakas at papira-pirasong pagdurog sa kontra-rebolusyonaryong hukbo. Nagsimula sa halos wala ang ating hukbong bayan at kailangan ang sapat na panahon para sa pagpapalaki at pagpapalakas dito.

Ang pulu-pulong katangian at pagkagutay-gutay sa maraming pulo ng kanayunan ng bayan ay nagpapatingkad pa sa mga katangiang matagalan nating digmang bayan. Sa simula'y disbentahe para sa digmang bayan ang pulu-pulong katangian ng bayan at kailangan ang matagal na panahon para sa

pag-iipon ng lakas sa pinakamahahalagang pulo at pagpapaunlad ng pakikidigma sa tubig para matransporma ito sa bentahe.

Malamang na dadaan sa tatlong yugto ang ating matagalang digmang bayan. Ang estratehikong depensiba kung kailan maliit at mahina pa ang ating pwersa at pinauunlad pa sa buong bansa ang pakikidigmang gerilya sa pamamagitan ng mga taktikal na opensiba. Ang estratehikong pagkapatas kung kailan relatibong magkasinlakas na tayo at ang kaaway at tampok na ang labanan para sa mga estratehikong bayan, syudad at pook. At ang huling yugto, ang estratehikong opensiba, kapag ang kaaway ay lubhang napahina na at lubusang nahiwalay na at napilitang lumagay sa estratehikong depensiba, na lubos na kabaligtaran ng pusisyon niya sa yugto ng estratehikong depensiba natin at handa na ang mga rebolusyonaryong pwersa sa pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika.

### 6. Bakit mali ang insureksyunismong lunsod?

Ang insureksyunismong lunsod ay "kaliwang" oportunistang anyo ng maling pagbibigay ng pangunahing diin sa pakikibakang lunsod. Hangad ng insureksyunismong lunsod na pabilisin ang tagumpay ng rebolusyon sa pamamagitan ng mga ispontanyong pag-aalsa ng masa sa lunsod sa halip na sa digmang bayang nakabatay sa tuluy-tuloy at solidong pag-oorganisa sa malawak na masa. Binibigyan nito ng pinakamalaking timbang ang masaklaw na propaganda, mga aksyong komprontasyunal sa lansangan, paralisasyon ng transportasyon sa pamamagitan ng mga armadong yunit at iba pang dramatikong mararahas na aksyon sa halip na ang masikhay na gawaing masa.

Minamaliit ng insureksyunismong lunsod ang papel ng organisadong rebolusyonaryong masa gayundin ng organisadong kaaway (US, malaking negosyo, Simbahan, AFP, atbpa.). Hindi nito isinasaaalang ang aktwal na antas ng pag-unlad ng mga organisadong rebolusyonaryong pwersa. Ipinapalagay na ang mga ispontanyong pag-aalsang masa ang mapagpasya sa pagbabago ng kabuuang balanse ng mga pwersa ng rebolusyon at kontrarebolusyon at maging sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika, anupaman ang antas ng pag-unlad ng digmang bayan at ng hukbong bayan sa kanayunan.

Sa kilusang praktikal pinakamalaking peligrong dulot ng insureksyunismong lunsod ang malapit at tuwirang pag-uugnay ng mga marahas na hakbang ng mga armadong partisanong lunsod sa mga aksyon ng mga ligal na organisasyong masa, tulad ng tinaguriang "pakikibakang pol-mil" na

nagmilitarisa sa mga pakikibakang lunsod at lumikha ng malaking pinsala sa ligal na demokratikong kilusang masa sa kalunsuran.

Noong dekadang 1980 at mga unang taon ng dekadang 1990, sa linyang "Pulang purok-Puting purok", gayundin ang linyang "estratehikong kontra-opensiba" sa loob ng estratehikong depensiba, ang insureksyunismong lunsod ay ikinumbina sa linya ng wala sa panahong "regularisasyon" at linya ng mabilisang tagumpay militar, at malawakan at sistematikong lumikha ng malulubhang paglihis at pinsala sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ipinalaganap ng mga iyon ang mga malulubhang paglihis gaya ng:

a. Pagdududa sa pagsusuring malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino. Pinalitaw ng mga iyon na pinabayaan ng Partido ang gawaing lunsod at mas mataas kaysa sa katunayan ang urbanisasyon ng lipunan. Itinulak nila ang iba't ibang konsepto ng "pagpipino" hanggang sa tahasang pagtatakwil sa estratehikong linya ng pagkubkob ng kalunsuran mula sa kanayunan.

b. Ipinalaganap nila ang maling konsepto na ang digmang bayan sa kanayunan ay pakikibakang lantay militar upang itulak ang wala sa panahong "regularisasyon", adbenturismong militar at ang pagpapabaya sa tuluy-tuloy at lahatang-panig na pagpapalakas sa gawain at baseng masa.

k. Kaalinsabay, ipinalaganap nila ang maling konsepto na ang mga pwersa at pakikibakang pampulitika ay binubuo pangunahin ng mga pwersa at pakikibakang masa at armado sa kalunsuran, upang itulak ang iba't ibang antas ng labis na pagbibigay ng timbang sa gawain at paghahabol ng insureksyong lunsod hanggang sa tahasang paglilipat ng pangkalahatang diin sa gawain at paghahabol ng insureksyong lunsod.

d. Inengganyo nila ang pagbabase sa syudad at binaligtad sa iba't ibang antas ang patakaran ng pagpapadala ng mga kadre at aktibista mula sa kalunsuran tungo sa kanayunan, bagay na lalong nagpahina hindi lamang sa gawaing masa sa kanayunan kundi maging sa kabuuang gawain sa ideolohiya, pulitika at organisasyon sa loob ng hukbong bayan.

**7. Bakit mali ang linya ng walang taning na parlamentaryong pakikibaka bilang paghahanda diumano sa insureksyong lunsod?**

Ang linya ng walang taning na parlamentaryong pakikibaka bilang paghahanda diumano sa insureksyong lunsod ay kanang oportunistang anyo ng maling pagbibigay ng pangunahing diin sa pakikibakang lunsod. Nalilimitahan nito ang pagkilos ng mamamayan sa loob ng balangkas ng mga reaksyunaryong batas at reaksyunaryong sistema. Pinaaasa ang mamamayan sa ilusyon ng pagkakamit ng lakas sa loob ng reakyunaryong parlamento para "agawin ang kapangyarihan mula sa loob" at itinatatwa ang marahas na katangian ng reaksyunaryong estado. Kung gayon, walang anumang maaasahang mangyayaring rebolusyonaryong paghahanda. Sa halip ay pagkabaog, kolaborasyon at kapitulasyon sa mga kaaway ng mamamayan.

Sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino, itinutuntong ang ganitong linya sa maling pagsusuri na unti-unti nang pinauunlad diumano ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri ang ekonomya tungong kapitalismo. Kung gayon, ayon sa kanilang maling pagsusuri, pinapawi na ng imperyalismo at lokal na reaksyon — kabilang ang mga panginoong maylupa — ang pyudalismo. Diumano'y nagiging mga manggagawa na ang mga magsasaka, at ang nalalabi pang mga magsasaka diumano'y wala nang sariling independyenteng rebolusyonaryong kilusan, kung kayat wala na raw batayan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka at digmang bayan. Batay sa maling pagsusuring ito, atrasadong kapitalista na raw ang lipunang Pilipino at ang angkop raw na linya sa "pagrerebolusyon" ay maghintay nang tamang panahon bago sumugod sa isang insureksyon sa pamamagitan ng walang taning na parlamentaryong pakikibaka.

Pagbubulid ito sa pakikibaka ng proletaryado at ng mamamayan sa pag-asa na matatamo ang saligang pagbabago ng lipunan sa pamamagitan ng pagkuha ng mayorya ng pwesto sa gubyerno. Binibitawan nito ang layuning wasakin at palitan ang reaksyunaryong estado ng diktadura ng proletaryado at ipinapalit ang konsepto ng pagpapalit lamang ng mga tao sa dating makinarya ng estadong burges. Nalilinlang nito ang proletaryado at mamamayan sa pag-aakalang matatalo at ibibigay ng burgesya nang mapayapa ang kapangyarihan sa pamamagitan ng "mayorya sa gubyerno" gayong maaaring palitan ng burgesya ang mga tuntunin ng laro anumang oras nito naisin. Lubos na pagbitaw ito sa rebolusyonaryong pag-iipon ng lakas at paghahanda sa mamamayan sa pamamagitan ng mga pakikibaka at pagkilos sa labas ng parlamento.

## 8. Ano ang Bagong Hukbong Bayan?

Ang Bagong Hukbong Bayan ang rebolusyonaryong hukbo ng mamamayan na nakikipaglaban para sa mga demokratikong interes ng bayan at pambansang kalayaan. Ito ang pangunahing sandata ng Partido at ng mamamayan para matupad ang kasalukuyang sentral na tungkulin ng rebolusyon—ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika.

Ang BHB ang pangunahing organisasyong masa ng Partido. Ito ang instrumento ng Partido para sa paglulunsad ng pangunahing porma ng rebolusyonaryong pakikibaka at pag-uugnay ng armadong pakikibaka sa reporma sa lupa at pagtatayo ng rebolusyonaryong baseng masa. Ito ang tipo ng organisasyong masa ngayon na may pinakamataas na konsentrasyon ng kasapi ng Partido.

Ang BHB, sa pangunahin, ay pwersang panlaban. Kaalinsabay nito, isa rin itong pwersa sa pagpopropaganda, pag-oorganisa sa masa at produksyon. Kung walang masikhay na gawaing masa, hindi nito makukuha ang partisipasyon at suporta ng mamamayan para sa armadong pakikibaka. Ang pagtingin na ang BHB ay isang pwersang militar lamang o ang pananaw na lantay militar ay taliwas sa teorya at praktika ng digmang bayan.

Naiiba ito sa saligan sa reaksyunaryong hukbo. Ang reaksyunaryong hukbo na naglilingkod sa mga naghaharing uri at nagtatanggol sa malakolonyal at malapyudal na sistema ay bayarang hukbo ng reaksyunaryong estado at ginagamit sa panunupil at pandarahas sa mamamayan at pagtatanggol sa interes ng mga reaksyunaryong uri. Sa kabilang banda ang BHB ay tunay na naglilingkod sa pagkakamit ng tunay na kalayaan at demokrasya ng sambayanan at binubuo ng mga mandirigmang kusa at mulat na sumapi dito para isulong ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka para ibagsak ang malakolonyal at malapyudal na paghahari.

Dahil sa mga saligang pagkakaibang inilinaw sa itaas, ang BHB ay isang ganap na bago at rebolusyonaryong hukbo kung ihahambing sa AFP na isang luma at nabubulok na reaksyunaryong hukbo.

Saligang naiiba rin ang BHB sa mga nagpapanggap na hukbong bayan na itinatayo ng mga oportunistang taksil sa rebolusyon. Ang BHB ay matatag na nagsusulong sa demokratikong rebolusyong bayan at mahigpit na nakaugat sa masa. Ang mga huwad na hukbong bayan ng mga rebisyunistang taksil ay

maliliit na bandidong pangkat at rebeldeng lagalag na ginagamit para sa mga kontrarebolusyong pakana, panggugulo at panlilinlang sa masa at mga kriminal na aktibidad.

Ang pangunahing tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan sa kasalukuyan ay durugin ang kontra-rebolusyonaryong AFP at isulong ang matagalang digmang bayan tungo sa tagumpay. Hindi ito dapat humiwalay kailanman sa landas ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, hanggang namamayani pa sa lipunang Pilipino ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Dapat mahigpit na ipatupad ng hukbong bayan ang estratehikong prinsipyo ng pagkubkob sa kalunsuran sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga base sa kanayunan at pagsulong nang parang alon mula sa mga ito.

Sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan, dapat magpakahusay ang hukbong bayan sa pakikidigmang gerilya. Dapat patuloy na pahusayin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba na pangunahing nilalaman ng estratehikong depensiba. Dapat magpakahusay sa pagsasagawa at pagkukumbinasyon ng mga batayang taktikang gerilya. Dapat isulong ang pakikidigmang gerilya na nakabatay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa.

Bagamat paglaban sa kontra-rebolusyonaryong hukbo ang pangunahing tungkulin ng hukbong bayan, gumaganap ito ng mahalagang papel sa paglikha, pagpapalawak at pagpapatatag sa kapangyarihang pampulitika ng mamamayan, katulong ng mga panteritoryong organisasyon ng Partido at mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

"Lumalaban ang Pulang hukbo hindi upang lumaban lamang," ayon kay Mao Zedong, "kundi upang magpropaganda sa masa, mag-organisa sa kanila, magbigay ng armas, tumulong sa kanila na itatag ang rebolusyonaryong kapangyarihang pampulitika. Kung wala ang mga layuning ito, walang kabuluhan ang pakikipaglaban, at hindi na kailangang magkaroon pa ng Pulang hukbo."

Kaya kabilang sa saligang tungkulin ng BHB ang pagsusulong ng rebolusyong agraryo, pagtatayo ng baseng masa bukod sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Sa pamamagitan ng pagsusulong sa rebolusyong agraryo ay tumutulong ang BHB sa pagtatayong ng prenteng antipyudal sa kanayunan.

Tumutulong ang Bagong Hukbong Bayan sa pagbubuo ng pambansang nagkakaisang prente sa pamamagitan ng pagtataguyod at pagsunod sa pamumuno ng Partido, sa pamamagitan ng pagbubuklod sa armadong pakikibaka ng mga manggagawa't magsasakang bumubuo ng saligang alyansa, at sa pamamagitan ng pag-akit sa petiburgesyang tagalunsod at pambansang burgesya sa panig ng demokratikong rebolusyong bayan.

**9. Bakit kailangang nasa absolutong pamumuno ng Partido ang BHB?**

Ang Bagong Hukbong Bayan na nasasandatahan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ay lumitaw pagkaraan nitong itakwil ang mga kontrarebolusyonaryong rebisyunistang kamalian ng mga Lava at mga Taruc at iba pang bukal ng makabagong rebisyunismo at oportunismo, "Kaliwa" man o Kanan. Binabaka nito sa sariling hanay ang pananaw na lantay militar, labis na demokrasya, pagsuway sa disiplina sa organisasyon, kaisipang absolutong pagkakapantay-pantay, suhetibismo, indibidwalismo at ideolohiya ng mga pangkat ng rebeldeng lagalag at putsismo. Kung wala ang tanglaw ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ay hindi mabubuo ang isang tunay na bagong hukbong bayan,

Nasa absolutong pamumuno ng Partido—ang pampulitikang pinuno ng rebolusyong Pilipino—ang BHB upang matiyak na ang "Partido ang namumuno sa baril at hindi ang baril ang namumuno sa Partido", matiyak ang pangingibabaw ng pulitika at maiwasan ang adbenturismong militar o kolaborasyunismo. Kung wala ito, hindi magiging mabisang sandata laban sa mapagsamantala at mapang-aping mga uri, lalaganap ang maling mga kaisipan at pagkilos sa loob ng hukbong bayan at sa gayo'y hihina at mawawatak-watak ito, at madaling magagapi ng kaaway.

Gayundin, ang absolutong pamumuno ng Partido sa BHB ang nagtitiyak na ito ay magiging isang makapangyarihang haligi ng rebolusyonaryong lakas at kapangyarihan ng mamamayan, hindi lamang sa yugto ng demokratikong rebolusyong bayan kundi hanggang sa susunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

**10. Anu-ano ang mga batayang prinsipyong gumagabay sa gawaing pampulitika ng BHB?**

Tatlong batayang prinsipyo ang gumagabay sa gawaing pampulitika ng Bagong Hukbong Bayan: pagkakaisa ng mga upisyal at kawal, pagkakaisa ng

hukbong bayan at mamamayan, at paglansag sa tropa ng kaaway at mahusay na pagtrato sa mga bihag.

Ang pagkakaisa ng mga upisyal at kawal ay nangangahulugan ng pagpawi sa mga paraang pyudal sa loob ng hukbo, pagbabawal sa pambubugbog at pang-aabuso, pagpapalakas sa mulat na disiplina, at pagsasalo sa hirap at ginhawa. Dahil dito, ang buong hukbong bayan ay mahigpit na nagkakaisa.

Ang prinsipyo ng pagkakaisa ng hukbong bayan at mamamayan ay nangangahulugan ng mainit na pakikisalamuha ng BHB sa masa at paglilingkod sa kanila. Mahigpit na ipinapatupad ng BHB ang disiplinang nagbabawal sa pinakamaliit na paglabag sa kapakanan ng mamamayan. Ipinatutupad din ng BHB ang masigasig na pagpopropaganda sa hanay ng masa, pag-oorganisa't pag-aarmas sa kanila, pagtataguyod at pagsusulong sa kanilang mga pakikibakang masa, pagpapagaan sa kanilang pasanin sa kabuhayan sa iba't ibang paraan kabilang na ang gawaing produksyon, at pagsugpo sa mga traydor at taksil na namiminsala sa hukbo at mamamayan. Dahil dito, ang hukbong bayan ay mahigpit na kaisa ng mamamayan at malugod na tinatanggap nila.

Ang ikatlong prinsipyo ng paglansag sa tropang kaaway at maluwag na pagtrato sa mga bihag ay naglalayong papanghinain ang determinasyong lumaban ng kaaway.

Ang mga tagumpay ng hukbong bayan ay nakasalalay di lang sa mga operasyong militar kundi gayundin sa mahigpit na pagkakaisang panloob, masinop na gawaing masa, at paglansag sa tropang kaaway.

**11. Ano ang katangian ng disiplinang pinaiiral sa loob ng BHB?**

Ang disiplina ng mga pinuno at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay isang mulat na disiplinang ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng pang-organisasyong prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Alinsunod sa disiplinang ito, ang mga pinuno at mandirigma ay kusang-loob na nag-aalay ng kanilang sarili at buhay para sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa patnubay ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ito ang sandigang kamulatan sa pagpapatupad ng disiplina sa organisasyon at prinsipyo ng demokratikong sentralismo.

Sa organisayon, nangangahulugan ang disiplina ng hukbong bayan na: ang indibidwal ay nakapailalim sa buong hukbo, ang minorya ay nakapailalim sa mayorya, ang nakabababang antas ay nakapailalim sa nakatataas na antas, at ang lahat ng kasapi ay nakapailalim sa Komisyong Militar ng Komite Sentral ng Partido. Ang mga kumander ay may karapatang magdesisyon sa mga kalagayang gipit.

Lahat ng pinuno at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan ay mahigpit na pinagbabawalang gumawa ng kahit anong pinsala sa interes ng mamamayan. Lagi silang dapat tumalima sa Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina, at sa Walong Bagay na Dapat Tandaan, na isinaad ni Kasamang Mao.

Ang Tatlong Pangunahing Alituntunin sa Disiplina ay:

a. Sundin ang utos sa lahat ng pagkilos,

b. Huwag kumuha ni isang karayom o hibla ng sinulid mula sa masa, at

k. Ibigay sa kinauukulan ang mga nasamsam.

Ang Walong Bagay na Dapat Tandaan ay:

a. Magsalita nang magalang,

b. Magbayad nang tama para sa binili,

k. Isauli ang lahat ng hiniram,

d. Magbayad para sa anumang nasira,

e. Huwag manakit o magmura,

g. Huwag manira ng pananim,

h. Igalang ang mga babae, at

i. Huwag pagmalupitan ang mga bihag.

## E. Ang Saligang Alyansa at ang Pambansang Nagkakaisang Prente

**1. Ano ang pambansang nagkakaisang prente?**

Ang pambansang nagkakaisang prente ay ang pagkakaisa ng lahat ng rebolusyonaryong uri at saray para makamit ang pambansang demokrasya at gapiin ang mga mapanupil at mapagsamantalang mga pwersa ng imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo. Binubuo ito ng Partido upang maabot ng pampulitikang impluwensya ng rebolusyonaryong proletaryado ang malawak na masa ng sambayanan at makamit ang kanilang makapangyarihang suporta. Ang pambansang nagkakaisang prente ay pinamumunuan ng Partido at ang programang ipinatutupad nito ay alinsunod sa programa para sa demokratikong rebolusyong bayan ng Partido.

Ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay may layuning pukawin at pakilusin ang milyun-milyong masa ng mamamayan at ang pinakamalawak na saklaw ng mga organisadong pwersa laban sa pinakamakitid na target, ang kaaway sa bawat takdang panahon. Sa pagtataguyod at paggamit ng patakaran at mga taktika ng nagkakaisang prente, napag-iibayo ng rebolusyonaryong partido ng proletaryado ang lakas ng rebolusyonaryong kilusan habang paisa-isa nitong nilalabanan ang kaaway.

Kapwa opensiba at depensibang sandata ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente at nag-aanyong kapwa iligal at ligal. Kaugnay ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, nilalayon nitong ihiwalay ang kaaway para maging mas epektibo ang mga bira ng hukbong bayan, na siyang pangunahing sandata para ibagsak ang kaaway at agawin ang kapangyarihang pampulitika. Kaugnay nito, masasabing ang NDFP ay isang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka, para sa pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika.

**2. Bakit hindi maitatayo ang isang tunay na pambansang nagkakaisang prente kung wala ang makauring pamumuno ng proletaryado sa pambansang nagkakaisang prente?**

Ang makauring pamumuno ng proletaryado ay itinataguyod sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente. Ang proletaryado ang pinakaproduktibo at pinakaprogresibong pwersang sa pulitika ngayon at sa

hinaharap. Sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, wala nang ibang uring makakapamuno sa rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang abanteng destakamento ng proletaryado. Ito ang materyalisasyon ng makauring pamumuno ng proletaryado. Hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa Pilipinas kung wala ang pamumuno ng proletaryado at ng PKP.

Lipas na ang panahon para mamuno ang anumang saray ng burgesya sa rebolusyong Pilipino. Pinararangalan natin ang mga rebolusyonaryong burges-liberal ng 1896 sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyon na may lumang tipo. Ngunit ang pagpapanumbalik ng linya sa uri ng rebolusyong ito sa ilalim ng kasalukuyang kalagayan ay paurong at reaksyunaryo.

Ang PKP ay hindi simpleng isa lamang sa maraming organisasyon sa loob ng nagkakaisang prente. Ito ang partido ng proletaryado na may istorikong misyon na pamunuan ang demokratikong rebolusyon at ang susunod na sosyalistang rebolusyon. Sa prinsipyo at sa praktika, ang PKP ang pinakamataas na anyo ng organisasyon ng uring manggagawa sa Pilipinas. Ito ang Partido na tuwirang namumuno sa Bagong Hukbong Bayan at siyang naghaharing partido saanman naitayo na ang Pulang kapangyarihang pampulitika.

Ginagamit nito ang paraan ng pakikipagkonsultasyon para umabot sa konsensus sa hanay ng mga kaalyado nito. Ang nagkakaisang prente ay isang mahalaga at kinakailangang instrumento para isaayos ang pagkakatugma ng mga lehitimong interes ng mga magkakalyado sa antas ng patakaran. Hindi ito instrumento para pilitin ang PKP na bitiwan ang prinsipyo ng pamumuno ng uring proletaryado sa rebolusyon, bitiwan ang istorikong misyon ng proletaryado, at ang kanyang kalayaan at inisyatiba.

Naunang lumitaw ang muling tatag na PKP bago pa ang anumang pormal na organisasyon ng nagkakaisang prente gaya ng Pambansan-Demokratikong Prente ng Pilipinas (PDPP) o National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Sa katunayan, sa pagpapatupad nito ng makauring rebolusyonaryong pamumuno, ibinunsod ng PKP ang pagbubuo ng Komite sa Paghahanda ng PDPP noong 1971 at kasunod nito, ang paglalatag ng sampung-puntong programa ng PDPP noong Abril 24, 1973, na siya ngayong itinuturing na araw ng pagtatatag ng PDPP.

Totoo sa katangian nito bilang rebolusyonaryong partido ng proletaryado, pinamunuan ng PKP ang masang manggagawa sa kanilang makauring pakikibaka laban sa mga nang-aapi at nagsasamantala sa kanila, at nakapagrekluta mula sa kanilang hanay ng mga proletaryong rebolusyonaryo para sa komprehensibong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Namumuno ang mga kadre ng PKP sa makabuluhang bilang ng mga unyon ng mga manggagawa. Kasabay nito ay iniuugnay nila ang mga unyong pinamunuan sa iba pang unyon na may iba't ibang antas ng komitment sa rebolusyonaryong adhikain ng uring manggagawa. Ipinatutupad ang rebolusyonaryong gawain maging sa loob ng mga reaksyunaryong mga unyon ng mga manggagawa.

**3. Bakit ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka ang pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente?**

Ang saligang alyansa ng proletaryado at uring magsasaka ang matibay na pundasyon ng pambansang nagkakaisang prente sapagkat sila ang pinakamarami at may pinakamatatag na paninindigan sa rebolusyon sa lipunan; at dahil sa saligan, ang demokratikong rebolusyong bayan ay rebolusyon ng masang anakpawis laban sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Sa pagbubuo lamang ng ganitong alyansa maaaring maakit ang mga panggitnang pwersa tulad ng petiburgesya at pambansang burgesya na sumama sa pambansang nagkakaisang prente upang ihiwalay ang mga kaaway.

Sa pamamagitan ng batayang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka, ang lakas ng proletaryado ay pinag-iibayo ng lakas ng mga magsasakang bumubuo ng mayorya ng mamamayan. Hindi magkakaroon ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente kung wala ang saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka.

Sa pamamagitan ng pamumuno sa at pangunahing pagsalig sa uring magsasaka, maisusulong ng proletaryado at ng rebolusyonaryong partido nito ang pangkalahatang linya ng bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang pangunahing nilalaman ng rebolusyong ito ay ang pagtupad sa kahilingan ng mga magsasaka para sa lupa.

Ipinatutupad ng PKP ang antipyudal na linya sa uri sa kanayunan. Pangunahing sumasalig ang proletaryado sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kinakabig ang mga panggitnang magsasaka,

ninunyutralisa at kinakabig din ang mayayamang magsasaka, at sinasamantala ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga naliliwanagan at despotikong panginoong maylupa para ihiwalay at wasakin ang kapangyarihan ng mga despotikong panginoong maylupa.

Para maisakatuparan ang batayang alyansa ng manggagawa-magsasaka, itinayo ng PKP ang Bagong Hukbong Bayan at ang rebolusyonaryong kilusang magsasaka. Sa gayon, naitayo ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika. Kapag pinag-uusapan natin ang Pulang kapangyarihang pampulitika, ang tinutukoy natin ay ang gubyerno ng mamamayan na nakabatay sa alyansa ng manggagawa at magsasaka sa ilalim ng pamumuno ng proletaryado at ng partido nito.

Makakairal ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente dahil unang-una'y may saligang alyansa ng manggagawa at magsasaka, naipatutupad ang antipyudal na linya sa uri sa kilusang magsasaka, naitatayo ang hukbong bayan bilang pangunahing sangkap ng Pulang kapangyarihang pampulitika at naitatayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika.

Ang pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika mula sa isang antas tungo sa mas mataas na antas ay nakabatay sa pag-unlad ng alyansang manggagawa at magsasaka, ng hukbong bayan at ng digmang bayan. Dahil sa ganitong pag-unlad, ang mga alyado mula sa iba pang uri at saray ng lipunan ay makakabig habang nakikilala nila ang papaibayong lakas ng armadong rebolusyon at ang unti-unting pagkagapi ng kaaway.

**4. Bakit kailangang kabigin ang petiburgesyang lunsod bilang progresibong pwersa at makahanay ng uring manggagawa at magsasaka bilang mga saligang pwersa ng rebolusyon?**

Kapag nakatitiyak na sa alyansang manggagawa at magsasaka, sumasaklaw ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa pag-unlad ng alyansa ng mga saligang pwersang rebolusyonaryo o ng mga progresibong pwersa. Ang mga pwersang ito ay ang uring manggagawa, magsasaka at ang petiburgesyang lunsod.

Ang petiburgesyang lunsod ay isang mahalagang saray sa lipunan. Hindi makapaghahari ang mga nagsasamantalang uri kung wala ang kanilang suporta. Kapag ang petiburgesyang lunsod ay pumanig nang maramihan sa rebolusyonaryong adhikain, ang naghaharing sistema ay mabilis na nawawalan

ng kredibilidad, nailalantad at nanghihina. Higit na lumalakas ang rebolusyonaryong kilusan kapwa sa punto ng mga positibong ambag ng petiburgesyang lunsod at sa punto ng pagbaka at paghiwalay sa kaaway.

Kapag napapanig sa rebolusyonaryong adhikain, ang petiburgesyang lunsod ay mahusay sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong mensahe, aktibismong masa at pagbibigay ng malawak na saklaw ng mga kasanayan at galing. Ang abanteng seksyon ng petiburgesyang lunsod ay naging isang mayamang balon ng edukadong mga aktibista para sa pambansa-demokratikong kilusan. Ang mga pinakaabanteng aktibista sa hanay nila ay sumulong pa at nagpanibagong hubog ng sarili para maging mga komunista at naging mga kadre sa armadong rebolusyonaryong kilusan at sa ligal na demokratikong kilusan.

Napakahalaga ng petiburgesyang lunsod kung kaya't hindi magwawagi ang bagong demokratikong rebolusyon kung hindi nito matatamo ang suporta ng mga pinakaabante sa saray na ito. Ito ang dahilan kung bakit sinasakyan ng kaaway ang mga makasariling tendensya nito at ginagawa ang lahat para pigilin o ibaling ang rebolusyonaryong tendensya nito upang hindi pumanig sa masang anakpawis ng mamamayan. Nagrerekluta ang kaaway sa hanay ng mga petiburgesyang lunsod ng ilang elementong nagpapanggap na progresibo o rebolusyonaryo pa nga at umaaktong mga spesyal na ahente para atakihin ang PKP at guluhin o idiskaril ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente.

**5. Bakit kailangang magpalawak pa ang pambansang nagkakaisang prente sa iba pang positibong pwersa ng rebolusyon?**

Hangga't nakatitiyak sa alyansa ng mga batayang pwersang rebolusyonaryo, ang rebolusyonaryong nagkakaisang prente ay mapapalawak sa anyo ng alyansa ng mga positibo o makabayang pwersa. Dito'y idinadagdag ang panggitnang burgesya sa masang anakpawis at sa petiburgesyang lunsod.

Ang bag-as ng panggitnang burgesya, na kung minsa'y tinatawag na pambansang burgesya, na binubuo ng mga negosyanteng nagpapatakbo ng mga produktibong empresa na gumagamit ng mga lokal na hilaw na materyales at nagsisilbi sa panloob na pamilihan bansa. Dati nang mahina ang panggitnang burgesya dahil wala silang pag-aaring mabigat at saligang mga industriya at sa kasaysayan ay lalo pang pinahina ng magkasunod na *import-substitution* at *export-oriented* na pagmamanupaktura pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, sa ilalim ng pangingibabaw ng mga dayuhang monopolyong empresa.

Ang patakaran ng PKP at ng NDFP sa panggitnang burgesya ay kilalanin ang kanilang dalawahang katangian, kapwa ang mga aspetong progresibo at reaksyunaryo, akitin sila sa nagkakaisang prente dahil sa kanilang progresibong aspeto at maging mapagmatyag sa kanila dahil sa kanilang reaksyunaryong aspeto.

Hanggang sa ngayon, ang panggitnang burgesya ay hindi mahusay na organisado bilang mga burges nasyunalista at bilang mga anti-imperyalistang prodyuser at tumatangging sumama sa NDFP o maging sa ligal na demokratikong alyansa. Ngunit hindi nangangahulugang hindi sila makakabilang sa nagkakaisang prente kung hindi sila pormal na nakapaloob dito.

Sa praktika, ang panggitnang burgesya ay sumasama sa nagkakaisang prente sa di pormal na paraan. Kapag ang negosyo o empresa ng panggitnang burgesya ay nasa teritoryo ng armadong rebolusyonaryong kilusan, mahihimok silang tumugon nang makatwiran at rasonable sa hinihingi ng mga manggagawa na mas mahusay na sahod at kalagayan sa pamumuhay, magbayad ng kanilang obligasyong buwis sa gubyernong bayan at gamitin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kanilang mga pasilidad.

Kapag umiiral ang isang rebolusyonaryong unyon ng manggagawa sa kanilang empresa, malamang na makiusap ang panggitnang burgesya na huwag silang itrato na kagaya ng mga dayuhang monopolyong empresa na nagluluwas ng kanilang superganansya, at bigyan sila ng pagkakataong gumampan ng papel sa pag-unlad ng ekonomya ng bansa. Alinsunod sa patakaran sa nagkakaisang prente, nagbibigay ng mga konsesyon ang mga rebolusyonaryong pwersa sa mga lehitimong interes ng panggitnang burgesya.

Maaaring maging bahagi ng isang mas aktibong patakaran sa nagkakaisang prente ang pagpigil sa patuloy na pangingibabaw ng mga dayuhang monopolyo at malalaking komprador, at pagpahintulot sa pambansang burgesya ang pagpapatakbo sa ilang linya ng aktibidad sa ekonomya kapalit ng kanilang suporta at kooperasyon. Maaaring tangkilikin at protektahan ang ilang produktong kayang likhain ng mga pambansang burgesya at ikampanyang bilhin ng mamamayan, at ipagbawal naman ang katulad na mga produkto na itinatambak sa bayan ng mga imperyalista at malalaking komprador.

**6. Paano sinasamantala ang hidwaan ng mga reaksyunaryo para makapagpalawak ang pambansang nagkakaisang prente at mapahina ang kaaway?**

Sinasamantala ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong pwersa ng malalaking komprador at panginoong maylupa. Sa sarili ng mga ito, pinahihina ng mga kontradiksyong ito ang buong naghaharing sistema. Ngunit para lalong pahinain ang naghaharing sistema, mapalalawak ang nagkakaisang prente para saklawin ang pormal o di pormal na pakikipag-alyansa sa mga reaksyunaryong laban sa kaaway sa isang takdang panahon, hangga't ang alyansa ng manggagawa at magsasaka, ang alyansa ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa at ang alyansa ng mga positibo o makabayang pwersa ay napapaunlad.

May katangiang mabuway at di mapapagkakatiwalaang alyado ang mga reaksyunaryo. Handa silang makipag-alyado sa mga rebolusyonaryong pwersa hangga't may pansamantalang pangangailangan silang gawin ito para isulong ang sariling reaksyunaryong interes. Ang rebolusyonaryong pwersa ay handa ring makipag-alyado sa mga reaksyunaryong pwersa para paigtingin ang mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo, pahinain ang naghaharing sistema at palakasin ang armadong rebolusyonaryong kilusan.

Mayaman ang karanasan ng PKP, BHB at NDFP sa gawaing alyansa sa mga reaksyunaryong pwersa. Ipinag-iiba nila ang mga naliliwanagang panginoong maylupang sa mga despotikong panginoong maylupa, ang mga negosyanteng naliliwanagan sa mga hindi naliliwanagan, ang mga lokal na reaksyunaryo sa naghaharing pangkating nakabase sa Maynila, ang mas maliliit na reaksyunaryo sa mas malalaki, at ang mga reaksyunaryong wala sa poder sa mga reaksyunaryong nasa poder.

Lahat ng mga nagsasamantalang uri at kanilang reaksyunaryong mga ahente sa pulitika na nasa loob ng saklaw ng kapangyarihan ng rebolusyonaryong kilusan ay inoobligang sumunod sa mga batas at regulasyon ng demokratikong gubyernong bayan. Ang mga paglabag o di pagtupad sa mga nasabing batas at regulasyon ay karampatang pakikitunguhan ng mga mekanismo sa pagpapatupad ng batas. Ipinagbabawal ang mga aktibidad na nakapipinsala sa mamamayan at sa kalikasan. Ang pinahihintulutang mga aktibidad sa ekonomya ay nakapailalim sa patakaran sa buwis ng gubyernong bayan.

Sa takbo ng kumpetisyon sa hanay ng mga reaksyunaryo para sa kapangyarihang pampulitika at mga pribilehiyo sa ekonomya sa loob ng naghaharing sistema, ang ilan sa kanila ay lumalapit sa rebolusyonaryong kilusan para makipag-alyansa laban sa kanilang mga katunggali. Dumarami at sumisinsin ang paglapit sa panahon ng eleksyon ng naghaharing sistema at kung kailan nag-aaway-away ang mga reaksyunaryo para sa ilang pribilehiyo at nagkukumprontahan nang may kasamang mga armadong tauhan. Mahusay na magagamit ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kontradiksyon sa kapakinabangan ng rebolusyonaryong kilusan at ng mamamayan.

Sa mahaba, komprehensibo at masaklaw na paraan, nagpunyagi ang armadong rebolusyonaryong kilusan gayundin ang ligal na demokratikong kilusan sa isang patakaran ng nagkakaisang prente sa mga reaksyunaryong pwersang salungat sa pasistang diktadurang Marcos na idinidirihe ng US. Nahalinhan ng mga reaksyunaryong pwersang pinangugunahan ni Aquino si Marcos sa naghaharing sistema. Subalit sa proseso ng pagpapaunlad ng nagkakaisang prente laban sa pasistang diktadura, nakapag-ipon ng lakas ang mga rebolusyonaryong pwersa. Ang nakapanghihinayang ay ang pagwawaldas ng mga "Kaliwa" at Kanang oportunista sa mga rebolusyonaryong tagumpay.

Hanggang ngayon, tanging ang karanasan sa gawaing nagkakaisang prenteng na hindi pa nararanasan ng kasalukuyang rebolusyonaryong pwersa ay ang pakikipag-alyansa sa naghaharing pangkating reaksyunaryo laban sa isang dayuhang mananakop, tulad ng kaso ng alyansa sa pagitan ng Guomindang at ng Partido Komunista ng Tsina laban sa pananalakay ng Hapon.

Hanggang sa ngayon, ang pakikipagkaisang prente sa mga reaksyunaryo ay karaniwang hindi pormal sa iba't ibang antas. Karaniwa'y nasa labas rin ng naghaharing pangkatin ang mga reaksyunaryong ito. Gayunman, lumilitaw rin ang mga kontradiksyon sa loob ng naghaharing pangkatin at masasamantala ang mga ito ng mga rebolusyonaryong pwersa. Halimbawa, hindi babagsak ang pasistang diktadurang Marcos kung walang isplit sa loob nito. Ang batas ng kontradiksyon ay umiiral sa lahat ng bagay. Walang bagay na hindi nahahati.

**7. Bakit lumalahok ang pambansang nagkakaisang prente sa usapang pangkapayapaan sa reaksyunaryong gubyerno?**

Ang iba't ibang tipo ng alyansa ay pawang nakatuon sa pagpapahina, paghihiwalay at pagdurog sa kaaway. Isinasagawa ang pakikipag-alyansa sa

mga reaksyunaryong salungat sa kaaway alinsunod sa prinsipyo at patakaran ng paisa-isang paggapi sa mga reaksyunaryo, sunud-sunod na paggapi sa kaaway nang paisa-isa at sa proseso, ay mapalakas ang mga rebolusyonaryong pwersa hanggang sa makayanan na nilang ibagsak ang buong naghaharing sistema at itayo ang demokratikong gubyernong bayan.

Kung sadyang ang layunin ng pagpapatupad ng patakaran sa nagkakaisang prente ay ihiwalay at durugin ang kaaway sa bawat takdang panahon, bakit inawtorisa ng rebolusyonaryong kilusan ang panel sa negosasyon ng PDPP na makipagnegosasyon sa panel sa negosasyon ng GRP ng rehimeng US-Ramos na siyang tinutukoy na kaaway?

Hinamon natin ang reimeng US-Ramos na kilalanin ang mga saligang suliraning pinagmumulan ng armadong rebolusyon at kung gayon ay mailalantad sa malawak na masa ng mamamayan na hindi ito totoong interesado sa makatarungan at matagalang kapayapaan. Kung tinanggihan ng rebolusyonaryong pwersa ang alok ni Ramos na mga negosasyong pangkapayapaan, siya at ang kanyang rehimen ay lalabas na mga mapagmahal sa kapayapaan at ang rebolusyonaryong pwersa ay magmumukhang mga nanggugulo lamang sa pananawagan ng digma na kasinsahol ng mga mapandigma.

Laging inililinaw ng PKP, BHB at PDPP ang sumusunod: 1) na sa pagpasok sa mga negosasyong pangkapayapaan sa GRP, patuloy silang tumatalima sa linya ng bagong demokratikong rebolusyon bilang linya para sa isang makatarungan at matagalang kapayapaan at 2) na ang mga negosasyong pangkapayapaan, basta't wastong ipinatutupad ng awtorisadong panel sa negosasyon, ay isang anyo ng ligal na pakikibaka, na nakapailalim sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka, o kahit maging sa mga ligal na demokratikong pakikibakang masa.

Mahigpit na tumalima ang PKP, BHB at PDPP sa kumprehensibong balangkas para sa negosasyong pangkapayapaan upang mabigo ang pagsisikap ng kaaway na magkunwang siya ang kampyon ng kapayapaan at palitawing ang mga pwersang rebolusyonaryo ang pinagmumulan ng karahasan, at makapanghati sa mga pwersang rebolusyonaryo. Ang nilalaman ng kumprehensibong balangkas na ito ay ang sumusunod:

Ang estratehikong linya ay ang pagtahak sa linyang pambansa-demokratiko para makamit ang makatarungan at matagalang kapayapaan.

Ang NDF ay isang pwersang nakikidigma (belligerent) sa isang gyera sibil at hindi lang isang pwersang insurekto. Hindi ito maaaring makipag-negosasyon sa reaksyunaryong pamahalaan kung hindi magkapantay ang katayuan sa ilalim ng internasyunal na batas.

Ang ligal at pampulitikang balangkas ay ang kalipunan ng mga prinsipyong katanggap-tanggap sa magkabilang panig, mga internasyunal na pamantayan at ang mga kasunduang maaaring mabuo.

Kabilang sa adyenda ng mga pangunahing isyu ang mga sumusunod: pagrespeto sa mga karapatang tao at internasyunal na makataong batas; mga repormang panlipunan at pang-ekonomya; mga repormang konstitusyunal, pulitikal at elektoral; at ang mga armadong pwersa.

Kinakailangang may makatwirang tagal ng panahon at iskedyul para sa iba't ibang bahagi ng proseso.

Kinakailangang idaos ang negosasyon sa labas ng bansa para magaan at ligtas sa magkabilang panig.

Kinakailangang may ikatlong partido na dayuhang estado o internasyunal para tumayo sa kapasidad na itatakda (tagapamagitan, katulong na tanggapan o saksi) ayon sa kasunduan ng dalawang panig.

Ang mga lokal o dayuhang ikatlong partido na mga di-panggubyernong tagapagtaguyod ng kapayapaan ay pwedeng kinokonsulta at kinakatulong sa prosesong pangkapayapaan.

Sa iisa lamang mahalagang aspeto superyor ang mga negosasyong pangkapayapaang isinasagawa ng NDFP sa iba pang anyo ng ligal na pakikibaka. Nailagay ng NDFP ang sarili na kapantay ng GRP bilang kapwa-nakikidigma sa isang gera sibil sa ilalim ng internasyunal na batas. Pumapasok ang NDFP sa ilang risgo sa pagpasok sa mga negosasyong pangkapayapaan sa kaaway. Ngunit ang kaaway ay pumapasok rin sa ilang risgo. Mulat ang NDFP sa balanse ng mga risgo at sa mga pangontrang hakbang na kailangan nitong gawin para hindi malito ang rebolusyonaryong hanay at mahulog sa hukay ng kapitulasyon.

Hanggang sa ngayon, ang pinakamalaking natamo na sa mga negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP ay ang Komprehensibong

Kasunduan sa Paggalang sa mga Karapatang Pantao at sa Internasyunal na Makataong Batas. Ito ay isang makabuluhang dokumento, kapakipakinabang sa mamamayan at sa mga rebolusyonaryong pwersa, kahit pa may mga limitasyon at depekto.

Nananatiling buo ang rebolusyonaryong integridad ng PKP, BHB at NDFP. Walang pagsurender sa sistemang ligal at hudisyal ng reaksyunaryong estado kakaiba sa nangyari sa kaso ng kasunduan hinggil sa mga karapatang pantao sa pagitan ng FMLN at ng reaksyunaryong gubyerno ng El Salvador. Malayo pa ang tatakbuhin sa mga negosasyon ukol sa mga repormang panlipunan, pang-ekonomya, pampulitika at konstitusyunal bago pag-usapan ang usapin ng tigil-putukan.

**8. Ano ang patakaran ng Partido at nagkakaisang prente kaugnay ng reaksyunaryong mga eleksyon?**

Ang paglahok sa reaksyunaryong eleksyon ay bahagi ng larangan at pakikibakang ligal, na makabuluhan pero segundaryong.bahagi kung ihahambing sa mas mahalagang hayag na kilusan at pakikibakang masa. Gayunman, ang mga ligal na pwersang progresibo ay hindi pa nakakapagtayo ng seryosong partidong pulitikal para sa pakikibakang elektoral. Ang mga pagsisikap dito sa nakaraan ay hinadlangan ng malupit na panunupil ng reaksyunaryong estado at ng mga “kaliwa” at kanang oportunistang pagkakamali ng rebolusyonaryong kilusan bago ang kilusang pagwawasto.

Ang ligal na kilusang demokratiko ay makapagpapaunlad ng mga progresibong kandidato kahit matagal pa ang eleksyon at kahit walang tahasang progresibong ligal na partidong elektoral. Ang pinakamahalaga kaugnay nito ay magpalitaw at magsanay mula sa mga manggagawa, magsasaka at petiburgesyang lunsod sa buong bansa ng maraming hayag na lider masa na may kakayahang magsalita nang may kumpiyansa at awtoridad sa mahahalagang isyung pambansa at pambayan, magsuri at bumatikos sa mga reaksyunaryong patakaran at pananaw mula sa paninindigang pambansang demokratiko, at umimpluwensya’t mamuno sa libu-libo at milyun-milyong mamamayan.

Ang mga ligal na progresibong pwersa ay dapat magpatindi ng kanilang propaganda para sa pambansang kalayaan at demokrasya at magtakda ng mga pamantayan sa pamumunong tunay, makabayan at progresibo kaugnay ng mga ispesipikong isyu. Sa gayon, kahit walang ligal na partidong pulitikal, pwede

nilang hawakan ang inisyatiba, impluwensyahan ang eleksyon at paburan ang mga kandidatong hindi kailangang tuwiran at hayagan nilang iendorso.

Gumagamit tayo ng rebolusyonaryong dalawahang taktika sa pakikitungo sa reaksyunaryong eleksyon. Sa isang banda, kinokondena natin ang eleksyon bilang reaksyunaryo at hungkag sa kabuuan at sa esensya at itinataguyod ang panawagan sa pagsusulong ng armadong rebolusyon. Ang Partido at rebolusyonaryong kilusan ay hindi lumalahok nang tuwiran at hayag sa reaksyunaryong eleksyon dahil hindi nararapat (alinsunod sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan) at hindi maaari (bunga ng pagbabawal at panunupil ng mga reaksyunaryo).

Tuwing panahon ng eleksyon higit pang pinatitindi ng mga reaksyunaryo at repormista ang kanilang propaganda para linlangin ang sambayanan at akitin sa pagsuko at parlamentarismo ang mga rebolusyonaryong pwersa. Dapat itong tugunan ng puspusang paglalantad sa reaksyunaryong eleksyon at mga reaksyunaryong kandidato at pwersa. Dapat malawak at masigasig na pukawin sa rebolusyonaryong pakikibaka ang masa ng sambayanan laluna sa harap ng kasalukuyang napakatinding krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal.

Sa kabilang banda, ipinatutupad natin ang patakarang nagkakaisang prente sa pakikitungo sa reaksyunaryong eleksyon. Hinihikayat at sinusuportahan natin ang mga progresibong alyado na lumahok sa eleksyon. Kung walang progresibong kandidato, maaaring suportahan natin ang kandidatong hindi lubhang reaksyunaryo laban sa mas reaksyunaryo.

Pangkalahatang layunin ng patakarang nagkakaisang prente sa reaksyunaryong eleksyon ang pagmaksimisa sa iba't ibang paraan ng pagpapalakas sa mga pwersang rebolusyonaryo at progresibo at pagpapahina sa mga reaksyunaryo at paglansag sa reaksyunaryong kapangyarihan. Mga partikular na layunin nito ang:

pagmaksimisa sa iba't ibang posibleng paraan ng pagpapalaganap sa paninindigang makabayan at progresibo

pagpapalawak ng iba't ibang antas at anyo ng ugnay at pakikipagtulungan sa mga pwersang progresibo at demokratiko

pag-iipon ng impormasyon sa mga reaksyunaryo

pagsamantala sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryong pwersa at kandidato upang hatiin ang kanilang lakas at puruhan ang mga pinakamasahol at sagadsarin.

Ang Partido, hukbong bayan at mga magkakaalyadong organisasyon sa NDF dahil sa kanilang rebolusyonaryong paninindigan at iligal na katayuan ay hindi maaaring tuwiran at hayagang mag-endorso ng kandidato, partido o koalisyon. Responsibilidad ng kandidato na magsalita at umaksyon nang may laman at sa paraang makakakuha ng pagsuporta ng baseng masa ng rebolusyonaryong kilusan.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na patindihin ang propaganda para sa pambansang kalayaan at demokrasya laban sa naghaharing sistema at laban sa mga pinakamasahol na reaksyunaryo. Ang mga progresibong kandidato ay hinihikayat at inaasahan magsalita nang nahahawig sa paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan. Samantalang ang mga kandidatong hindi lubhang reaksyunaryo ay maaaring magpatindi ng kanilang pagpuna at pagtatakwil sa mga pinakamasahol na bahagi at bunga ng pusisyon ng kanilang mas reaksyunaryong kalaban. Sa gayon, sila at ang mga rebolusyonaryong pwersa ay may isang antas ng pagkakahanay sa pagkondena sa kanilang mga kalaban.

**9. Bakit natin sinasabing may dimensyong internasyunal ang pambansang nagkakaisang prente?**

Ang patakaran ng rebolusyonaryong nagkakaisang prente sa Pilipinas ay may dimensyong internasyunal. Nakaugnay ito sa anti-imperyalistang nagkakaisang prente sa pandaigdigang saklaw. Bahagi ang rebolusyong Pilipino ng pakikibakang komun ng mamamayan ng daigdig laban sa imperyalismo. Internasyunalistang tungkulin din ng mamamayang Pilipino na iambag ang kanilang lakas sa internasyunal na nagkakaisang prente.

Ang ganitong nagkakaisang prente ay pinamumunuan ng proletaryado at ng mga partidong Marxista-Leninista na binibigkis ng proletaryong internasyunalismo. Subalit may isang antas ng lapad ng solidaridad sa nagkakaisang prenteng ito. Pinahihintulutan nito ang aktibong partisipasyon ng lahat ng indibidwal at pwersa na may iba't ibang antas ng kamulatang anti-imperyalista at militansya at nang walang mga rekisito sa ideolohiya; basta't may pagmamatyag sa mga espesyal na ahente na nagpapanggap na anti-

imperyalista ngunit ang pangunahing layunin ay atakihin ang mga proletaryong rebolusyonaryo at isabotahe ang nagkakaisang prente.

Ayon sa mga sirkunstansya, maaaring samantalahin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mga kontradiksyong inter-imperyalista sa paraang katulad ng kanilang pagsamantala sa mga kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo sa loob ng bansa. Nagkakaisa ang mga imperyalistang kapangyarihan laban sa mga mamamayan ng daigdig ngunit papatindi silang itinutulak ng lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista na makipagpaligsahan sa isa't-isa. Sa malao't madali ay mabibitak ang imperyalistang alyansa na pinangungunahan ng United States. Ang krisis at gera ay mga katangian ng imperyalismo.

May bagong kaguluhan sa daigdig kasunod ng pagkagapi ng sosyal-imperyalismong Sobyet sa Cold War at sa napatunayan nang pagkabangkarote ng patakarang neoliberal ng mga tradisyunal na imperyalistang kapangyarihan. Tayo ay nasa panahon ng transisyon tungo sa muling pagsulong ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista. Muli ay nasa bisperas tayo ng rebolusyong panlipunan na may pandaigdigang saklaw. Sa pagbubuo ng mga suhetibong pwersa ng rebolusyon, itinataguyod natin ang proletaryong internasyunalismo at kasabay nito, binubuo natin ang malapad na nagkakaisang prente laban sa imperyalismo.

### 10. Ano ang PDPP o NDFP?

Ang PDPP o NDFP ang natatanging lihim at konsolidadong alyansa ng mga saligang pwersang rebolusyonaryo na nagtataguyod sa bagong demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng digmang bayan. Ito ay isang nagkakaisang prente para sa armadong pakikibaka. Ang ikinaiiba ng NDFP sa iba pang pormasyong rebolusyonaryo ay ang pagpokus nito sa alyansa ng mga saligang rebolusyonaryong pwersa.

Responsibilidad ng NDF na isulong ang pagkakaisa, pagtutulungan at koordinasyon ng lahat ng mga makabayan at progresibong uri, sektor at pwersa para ipaglaban ang pambansang kalayaan at demokrasya at ibagsak ang mapang-api at mapagsamantalang naghaharing sistema.

Sa pagtataguyod sa pambansang pagkakaisa, ipinatutupad ng NDF ang makauring rebolusyonaryong linya sa nagkakaisang prente. Binibigyang-buhay at pinalalakas nito ang pamumuno ng uring manggagawa, ang batayang

alyansa ng manggagawa't magsasaka, at ang mga batayang pwersa ng rebolusyon, kabilang ang petiburgesyang lunsod at iba pang positibong pwersa ng rebolusyon.

Ang mga alyadong organisasyon ng NDF ay nagkakasundo ayon sa prinsipyo ng konsultasyon at konsensus. Tinatamasa nila ang kasarinlan at inisyatiba, at rumerespeto sa anumang relasyong umiiral sa pagitan ng alinman sa kanila. Kaugnay nito, ang Bagong Hukbong Bayan ay nasa absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Ang prinsipal na paraan ng pagpapalakas ng NDF ay ang pagpapalakas ng bawat alyadong organisasyon ng NDF sa pamamagitan ng gawaing masa. Sa ganitong paraan, mabubuo ang makapangyarihang suportang masa ng mga konsultatibong kumperensya at namumunong konseho ng NDF sa iba't ibang antas.

Laging handa at walang pag-aatubili ang NDF na makipagtulungan sa lahat ng makabayan at progresibong pwersa at indibidwal na nasa labas ng NDF para mapalawak at mapalakas ang pambansang pagkakaisa at maisulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon at digmang bayan.

Kabilang sa mga pinakaimportanteng tungkulin ng alyansa ang pagtataguyod alang-alang sa rebolusyonaryong pakikibaka ng pambansang pagkakaisa sa loob at labas ng kasalukuyang komposisyon ng NDF, ang pagkatawan at pagiging tagapagsalita ng mga rebolusyonaryong pwersa at ang paghawan ng landas para sa mga organo ng demokratikong gubyernong bayan sa iba't ibang antas at pagsuporta sa kanila.

## G. Mga Saligang Tungkulin ng Demokratikong Rebolusyong Bayan

### 1. Ano ang sentral na tungkulin ng DRB?

Ang sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan ay ang pagbabagsak sa imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo, ang pag-agaw ng kapangyarihang pampulitika at ang pagpapatatag nito. Ang ating layunin ay palayain ang bansang Pilipino sa dayuhang pang-aapi nito at

pagsasamantala at gayundin ang malawak na masa ng bayang Pilipino, lalo na ang uring magsasaka, mula sa pyudal na pang-aapi.

Ang pagkatupad ng sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan ay nangangahulugang pagkakalutas ng kontradiksyon sa lipunang malakolonyal at malapyudal at makasaysayang pagsulong ng lipunang Pilipino sa mas mataas na yugto ng pag-unlad.

Ang pangkalahatang programa ng Partido Komunista ng Pilipinas sa larangan ng pulitika, ekonomya, kultura, militar, at relasyong panlabas ay kongkretong nasasalamin sa 12 puntong programa na pinagtibay sa Pambansang Kumperensya ng NDF na idinaos noong Hunyo 1994.

**2. Ano ang panawagan ng Partido at PDPP sa mamamayan para maisakatuparan ang sentral na layunin ng demokratikong rebolusyong bayan?**

Ang panawagan ng Partido at PDPP tungo sa pagpapatupad ng sentral na tungkulin ng demokratikong rebolusyong bayan ay: PAGKAISAHIN ANG SAMBAYANAN PARA IBAGSAK ANG SISTEMANG MALAKOLONYAL AT MALAPYUDAL SA PAMAMAGITAN NG DIGMANG BAYAN, AT KUMPLETUHIN ANG PAMBANSA-DEMOKRATIKONG REBOLUSYON.

Ang pagkakaisa ng sambayanang nabuo sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang magbabagsak sa paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Bagong tipo ang pambansa-demokratikong rebolusyon dahil ito'y pinamumunuan ng uring manggagawa at may sosyalistang perspektiba. Napakahalaga ng makauring pamumuno dahil mabubuo at mapapaunlad lamang ang pambansang pagkakaisa kapag may tiyak na makauring pamumuno at may nagkakaisang prente.

Ang nagkakaisang prenteng ito ay nakabatay sa sandigang alyansa ng manggagawa-magsasaka. Sa pagbubuo ng saligang alyansang ito, nagbibigay ng espesyal na pansin sa pambansang minorya. Kailangang makabig ang petiburgesya bilang isang saligang pwersa ng rebolusyon. Kinakabig rin ang pambansang burgesya bilang isang positibong pwersa ng rebolusyon.

Bahagi ng pagbubuo ng nagkakaisang prente ang pakikipagtulungan at pakikipag-ugnayan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa lahat ng iba pang progresibo at makabayang pwersa. Sa paglakas ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan sa kanayunan, inaasahang magpapasya ang mga ito na pumanig sa rebolusyon. Para makuha ang suporta ng pinakamalawak na hanay ng mamamayan para sa rebolusyon, ginagamit ang kontradiksyon sa hanay ng naghaharing uri.

Sinusuportahan ang lahat ng anyo ng pakikibaka, ligal at iligal, lantad at lihim, armado at di armado. Pangunahin anyo ng pakikibaka ang armadong pakikibaka dahil ito ang wawasak sa makinaryang burukratiko at militar ng reaksyon at magbibigay-daan sa pagbubuo ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan. Subalit importante at di maisasantabi ang ligal na pakikibaka.

Ang estratehikong linya ng ng demokratikong rebolusyong bayan ay ang pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan at pag-iipon ng lakas hanggang makaya nang agawin ang kapangyarihang pampulitika sa mga lunsod at sa buong bansa.

Ang digmang bayan ang landas sa pagbubuo ng pagkakaisa ng manggagawa-magsasaka. Pinagsasanib nito ang armadong pakikibaka, pagbubuo ng base, at agraryong rebolusyon. Ipinatutupad nito ang pangunahing nilalaman ng demokratikong rebolusyon, ang reporma sa lupa na siyang paraan ng pagpapalaya ng uring magsasaka sa pulitika at ekonomya. Sa paglulunsad ng armadong pakikibaka sa kanayunan, mahigpit na ipinatutupad ang rebolusyonaryong linyang antipyudal na nakapaloob sa balangkas ng pambansang nagkakaisang prenteng antiimperyalista at antipyudal.

Sa pagbubuo ng nagkakaisang prente, kailangang abutin at maimpluwensyahan ang milyun-milyong mamamayan para organisahin ang sarili at lumahok sa rebolusyon.

Kailangan ang pagmamatyag sa mga oportunista, taksil at mananabotahe na nais ilihis ang rebolusyon sa parlamentarismo, populismong burges at insureksyunismo. Kailangan ding magmatyag sa mga pumapasok sa bitag ng kaaway sa paglalako ng pananaw na lantay militar, na naghihiwalay ng armadong pakikibaka sa pangunahing baseng masa nito, na labis na nagpapahalaga sa simpatya ng ispontanyong masa, at iba pa na magdudulot ng kapinsalaan sa demokratikong rebolusyong bayan.

**3. Anong kahaliling estado sa ibabagsak na reaksyunaryong estado ang itatatag ng demokratikong rebolusyong bayan?**

Itatatag ang Demokratikong Republikang Bayan at ang Demokratikong Gubyernong Koalisyon.

Itinatayo na at patuloy na lumalawak sa buong bansa ang mga lokal na organo ng demokratikong kapangyarihan ng bayan. Sinusuportahan naman ng NDF ang pagtatatag at konsolidasyon ng gayong mga organo at hinahawan ang landas sa pagtatatag ng demokratikong gubyernong bayan sa iba't ibang antas sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga alyadong organisasyon nito at pagpapalakas ng pagkakaisa at kooperasyon sa hanay ng mamamayan. Kapag nalalapit na ang tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, itatayo ng Partido ang rebolusyonaryong gubyernong probisyunal bilang paunang hakbang sa pag-agaw ng kapangyarihan sa pambansang saklaw.

Titiyakin ang pinakamalawak na posibleng base at katangian ng demokratikong gubyernong bayan. Maaaring buuin ang konsultatibong kumperensyang bayan na kabibilangan ng mga kinatawan ng lahat ng makabayan at progresibong uri at sektor na maghahanda sa proklamasyon ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas at susuporta sa Partido sa pag-oorganisa ng bagong gubyerno.

Kaugnay nito, ang partido ng uring manggagawa, sa tulong ng NDF at mga alyadong organisasyon, ay gagawa ng mga kongkretong hakbang upang tiyakin ang pinakamalawak na posibleng base at karakter ng demokratikong gubyernong bayan. Maaaring buuin ang isang konsultatibong kumperensyang bayan, na kabilang ang NDF sa mga pangunahing tagapagtipon. Magiging kumperensya ito ng mga kinatawan ng lahat ng makabayan at progresibong uri at sektor. Ang kumperensyang ito ang magbubuo ng konsultatibong konsehong bayan para maghanda sa proklamasyon ng Demokratikong Republikang Bayan ng Pilipinas at sumuporta sa partido ng uring manggagawa sa pag-oorganisa ng bagong gubyerno.

Sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon, itatatag at ipoproklama ang demokratikong republikang bayan. Demokratikong gubyernong koalisyon ang magiging anyo ng bagong gubyernong ito na magtataguyod at magbibigay kaganapan sa kapasyahan at kapakanan ng sambayanan, laluna ng mga uring pinagsasamantalahan. Titiyakin ang awtonomya para sa sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera, mga Lumad

at iba pang pambansang minorya at ang karampatang representasyon at tinig ng iba pang aping sektor tulad ng kababaihan.

Titiyakin ng bagong gubyerno ang maayos na transisyon tungo sa payapang kalagayan at pinakamaagang paghihilom ng mga sugat ng digma. Kagyat na muling paaandarin at palalakihin ang produksyon ng mga empresang produktibo.

Titiyakin ang paglahok ng buong sambayanan sa mga usaping pang-estado at proseso ng pagpapasya. Kabilang rito ang paglahok ng mga partidong pampulitika at iba pang organisasyong masa ng mga makabayan at progresibong pwersa. Tatamasahin ng Partido ng proletaryado na namumuno sa gubyerno ang suportang multipartido, bagamat ang tuwirang paglahok ng taumbayan sa mga usapin ng estado ang tatayong susing prinsipyo sa pag-oorganisa at pagpapaunlad ng kalakarang pampulitika. Hindi papayagang masabotahe, mapahina o mawasak ng pluralismong burges ang demokratikong estadong bayan.

Itatatag ng bagong gubyerno ang sistema ng hustisyang walang-kinikilingan at makatarungan, gayundin ang sistema ng konsilasyon at pag-aayos ng mga kontradiksyon sa hanay ng mamamayan. Itataguyod ang karapatan sa wastong proseso ng hustisya. Lilitisin ng hukumang bayan ang mga akusadong may mabigat na krimen laban sa bayan at paparusahan ang mga mapapatunayang may-sala. Papatawan ng mabigat na parusa at pagkakaiitan ng mga karapatang pampulitika hanggang kinakailangan ang mga mapapatunayang nakagawa ng pinakamabibigat na pagkakasala. Bibigyan ng edukasyon sa pulitika ang karapat-dapat ng magaang na pagtrato, bibigyan ng oportunidad na maging produktibong myembro ng lipunan.

Alinsunod sa rebolusyong panlipunan, lilimitahan ang mga karapatan sa pulitika at ekonomya ng mga kabilang sa mga uring mapagsamantala para pigilan sila na makasabotahe sa bagong sistemang panlipunan at makabawi sa kapangyarihan sa pulitika at ekonomya laban sa masang anakpawis.

Magbabalangkas ng konstitusyon ng Demokratikong Republikang Bayan at pagkatapos maratipika, idaraos ang pangkalahatang eleksyon. Ang republikang bayan na ito ay isang republikang nagkakaisang prente ng lahat ng demokratikong uri, nakabatay sa alyansang manggagawa-magsasaka at pinamumunuan ng uring manggagawa.

Ang mga upisyal ay oobligahing tumalima sa mataas at istriktong mga pamantayan sa katapatan at paglilingkod sa sambayanan at rebolusyon. Bibigyan ng tuloy-tuloy at matamang pansin ang pagpapaunlad ng demokratikong estilo ng pamumuno, mahigpit na ugnay sa masang proletaryado at malaproletaryado, at pagtataguyod sa interes ng nakararami at ng kabuuan. Maglulunsad ng mga kampanya upang pahusayin ang superbisyon ng masa sa mga upisyal at bakahin ang burukratismo.

Magkakaroon ng deklarasyon ng mga karapatan na gumagarantiya sa mga saligang kalayaan ng mamamayan at nakahihigit pa sa konstitusyong burgis-liberal sa pamamagitan ng pagbabawal sa pang-aapi at pagsasamantala sa bayan ng mga imperyalista at mga reaksyunaryong uring malaking komprador at panginoong maylupa.

Samantalang nililikha ang mga kondisyon para magtulong-tulong ang mga sumasampalataya at di sumasampalataya sa pagtatatag ng lipunang malaya at demokratiko, paiiralin ng gubyerno ang patakaran ng paghihiwalay ng Simbahan at estado.

**4. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng pagbubuo ng lakas militar ng mamamayan?**

Bubuuin ang Bagong Hukbong Bayan at ang sistema ng tanggulang bayan. Ang BHB ang pangunahing instrumento ng buong sambayanan sa pagwasak sa reaksyunaryong estado at sa pagtatatag ng gubyernong tunay na naglilingkod sa masa. Para matiyak na ang baril ay laging nasa kumand ng rebolusyonaryong pulitika, ang BHB ay nasa absolutong pamumuno ng Partido. Natitiyak ang lubos na suporta ng masa sa pagtataguyod nito ng rebolusyong agraryo at pagtulong sa masa sa pagtatatag ng lokal na mga organo ng kapangyarihang pampulitika. Itinataguyod ng BHB ang demokratikong prinsipyo sa pakikipag-ugnayan sa masa at isinasapraktika rin ang demokrasya sa kanyang sariling hanay. Sa gayon, may pagkakaisa sa pagitan ng hukbo at sambayanan at sa pagitan ng mga upisyal at tauhan. Sa patnubay sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at mahigpit na panuntunan sa pagkilos at disiplina, sinisikap sa tuwina ng BHB na iwasan ang pinsala sa buhay at ari-arian ng mga sibilyan sa panahon ng mga operasyong militar. Tinatrato rin nang makatao ang mga nabibihag na kaaway at ginagamot sa abot-kaya ang mga sugatan.

Pagkapanalo, ang BHB ay ipapailalim sa ministri ng tanggulang pambansa at may pwersang pangkatihan, pandagat at panghimpapawid. Magkakaroon din ng mga pwersa ng pulisya at milisyang bayan sa ilalim ng ministri ng kaligtasang publiko.

Mga saligang tungkulin ng rebolusyonaryong hukbo ang pangalagaan ang soberanya at integridad ng teritoryo ng bansa at ipagtanggol ang mga tagumpay ng rebolusyon at ng sambayanang Pilipino laban sa mga panloob na kaaway at dayuhang pananalakay. Kaugnay nito, ang rebolusyonaryong hukbo, gayundin ang sambayanan, ay pananatilihing alerto at handa upang hadlangan ang panghihimasok at pananalakay ng mga pwersang dayuhan.

Gagampanan ng sambayanan ang susing papel sa pagtatanggol sa mga tagumpay ng rebolusyon. Taglay ang rebolusyonaryong kamulatan at militansya, sila ang garantiya laban sa panloob na subersyon at dayuhang pananalakay. Kaya hindi kailangang magmantini ng napakalaking pamalagiang hukbo.

Bubuuin ang pambansang pwersang pulisya mula sa pwersa ng lokal na pulisya at milisya na magtanggol at nangalaga sa mamamayan sa takbo ng rebolusyonaryong digma. Pauunlarin ang mga yunit-milisya na naitayo na sa panahon ng digmang bayan, at bubuuin ang mga ito sa mga lugar na wala pa. Bibigyan ng espesyal na konsiderasyon ang mga sakop ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

Sapagkat matatag na hawak ng mga subok nang rebolusyonaryo ang pamatnugutan ng hukbong bayan, maaaring manatili sa serbisyo militar — ngunit ipapailalim pa rin sa proseso ng pamimili, ang mga dating upisyal at sundalo ng kaaway na sumanib sa rebolusyon bago ang ganap na tagumpay o yaong hindi nakagawa ng mabibigat na krimen. Pagtatapusin sila ng rebolusyonaryong edukasyon.

Bukod sa mga tungkuling militar at pag-oorganisa ng masa, gagampanan ng hukbong bayan ang mga tungkulin sa iba pang larangan, gaya ng produksyon, pangangalaga sa kapaligiran at pagsaklolo sa panahon ng kalamidad.

Ang hukbong bayan ay magsisilbing rebolusyonaryong paaralan para sa mga regular na tropa at mga kabataang oobligahing magsanay- militar sa isang makatwirang takdang panahon.

**5. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan?**

Tunay na itataguyod at isusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan ang mga demokratikong karapatan at mga kalayaang sibil ng mamamayan, di tulad ng sa papet na Komonwelt, at sa konstitusyong 1935 at 1987. Sa katunayan, ipinagkakait ng sunud-sunod na papet na rehimen ang mga saligang demokratikong karapatan ng mamamayan, habang nagpapanggap na nagtatanggol nito at nangangako ng reporma sa lupa.

Malinaw ang aral ng kasaysayan. Magkakaroon lamang ng kaganapan at pamumulaklak ang mga pundamental na kalayaan ng indibidwal, pati na ang pinalawak na mga karapatang pampulitika, panlipunan at pang-ekonomya, kung ang mga api ay nagtatamasa ng pambansa at makauring kalayaan. Uunlad lamang ang mga kalayaang ito kapag may alertong sambayanang handa at determinadong lumaban at magbuwis ng buhay para sa pagkakamit ng mga ito.

Pagkatatag ng demokratikong republikang bayan, palalawakin at gagarantiyahan ang mga karapatan ng mamamayan, laluna iyong sa mga pinakaapi. Makakamit ang pangunahing layunin ng demokrasya — para sa pinakamalawak na masa — sa pamamagitan ng tunay at puspusang reporma sa lupa. Ang mga kalayaan ng mamamayan ay gagarantiyahan ng deklarasyon ng mga karapatan at ng tunay na paglayang pambansa't panlipunan.

Kabilang sa mga saligang demokratikong karapatan ang mga karapatan sa malayang pagsasalita at pamamahayag, kalayaan sa pag-iisip at pamamahayag, kalayaan sa paniniwala at gawaing panrelihiyon, kalayaan sa pagpili ng tirahan at pagkilos, pati ang mga karapatan sa kalayaang asosasyon at pagtitipon, pagwewelga at pangkalahatang eleksyon sa pamamagitan ng sekretong balota.

Tatamasahin ng mamamayan ang karapatan sa wastong proseso ng hustisya, proteksyon sa arbitraryong aresto, mga garantiya laban sa tortyur at iba pang di makataong anyo ng pagpipiit at pagpaparusa, karapatan laban sa pagdadawit-sa-sarili at karapatang ituring na inosente hanggang hindi napapatunayang may-sala, karapatan sa pantay na proteksyon ng batas at sa pribilehiyo ng writ of habeas corpus (mandamyento para ipakita sa korte ang nasasakdal).

Gagarantiyahan ng bagong gubyerno ang karapatan sa pangkalahatan at libreng edukasyon, pangangalaga sa kalusugan, at paghahatid ng iba pang batayang serbisyo.

Pagtitibayin ang mga epektibong garantiya sa saligang batas at iba pang mekanismong pampulitika at institusyunal upang pigilan ang muling pagsulpot ng awtokrasya, tiranya, paghaharing militar, at iba pang rehimeng antimamamayan. Kikilanlin ang karapatan ng sambayanan na maghimagsik laban sa isang rehimeng tiraniko at mapang-api.

Upang pigilan ang panunumbalik ng reaksyunaryong kapangyarihan, aalisan ng karapatang pampulitika ang malalaking burges-komprador, panginoong maylupa, burukratang kapitalista at ang mga pangunahing galamay nila. Wala silang karapatang maghalal o mahalal at lumahok sa mga prosesong pampulitika. Ito ay upang pigilin silang muling maglunsad ng mga kontrarebolusyonaryo at kontramamamayang kampanya. Titiyakin, gayunman, na mayroon silang sapat na pagkakakitaan.

Tuwirang kabaligtaran naman nito, ganap na itataguyod ang mga pambansa, makauri at indibidwal na karapatan ng mamamayan bilang pundasyon ng tuluy-tuloy na pagpapaunlad ng tuwirang partisipasyon ng manggagawa, magsasaka, intelektwal at ng kanilang mga organisasyon sa pag-ugit ng kapangyarihang pampulitika, sa praktika ng demokratikong diktadura ng sambayanan.

Gagarantiyahan ng gubyerno ang karapatang mag-ari ng mga gamit sa produksyon at pagkonsumo kung ang mga ito ay natamo sa pamamagitan ng reporma sa lupa, malinis na paghahanapbuhay, pagkamapag-imbento at talino. Kalakip ng karapatan sa pag-aari ng mga gamit sa produksyon ang responsibilidad sa lipunan na gamitin ang mga ito para sa kagalingang panlahat at hindi para sa pagsasamantala at pang-aapi ng mamamayan.

Magkakaroon ng trabaho ang lahat. Titiyaking magkakaroon ang taumbayan ng mapagkakakitaan, kabuhayan at seguridad sa trabaho. Walang sinuman ang pagkakaitan ng trabaho at kaukulang sahod dahil sa nasyunalidad, paniniwala, katayuang minorya, kasarian o piniling kasarian at estado-sibil. Gagarantiyahan ng bagong gubyerno ang karapatan ng mga manggagawa na mag-unyon at lumahok sa pamamahala ng mga empresa.

Gagarantiyahan ang kalayaan sa akademya. Titiyakin na may kalayaan sa pamamahayag, laluna ang mga artista at manunulat. Titiyaking walang batas na sumasagka sa mga ito.

Kikilanlin at gagarantiyahan ang mga karapatan ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera, at iba pang pambansang minorya, sa mga lupa ng kanilang ninuno at mga natural na rekurso sa mga lupang ito. Titiyaking makakalahok at magkakaroon ng representasyon ang mga pambansang minorya sa kalakarang pangkabuhayan, pampulitika at panlipunan at sa mga institusyon ng bansa. Tunay na igagalang ang kanilang kultura.

Kikilanlin at pangangalagaan ng bagong gubyerno ang mga karapatan ng kababaihan sa lahat ng larangan ng gawain. Titiyakin na walang batas na iiral o magpapalusot sa diskriminasyon batay sa lahi, lipi, kasarian, paniniwala, edad, pisikal na kalagayan o estado sibil.

**6. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng relasyong panlabas?**

Ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng relasyong panlabas ay wakasan ang lahat ng di pantay na ugnayan sa US at iba pang bansa at mga dayuhang entidad.

Matagal nang ginagamit ng US at iba pang dayuhang monopolyong interes ang iba't ibang batas at mga kasunduan na yumuyurak sa pambansang soberanya, kalayaan at teritoryal na integridad ng Pilipinas at nakapanghihimasok sa mga panloob na usapin ng bayan. Kriminal ang pananagutan ng mga papet na rehimen ng malalaking burges-komprador at panginoong maylupa mula 1946 hanggang sa kasalukuyan sa pagpapanatili ng tiwaling ugnayan sa US at iba pang dayuhang entidad.

Wawakasan ang mga mapangayupapang batas sa pamumuhunan, mapang-aping kontrata sa pangungutang, at di pantay na mga kasunduan gaya ng US-RP Military Assistance Agreement, US-RP Mutual Defense Agreement, Quirino-Foster Agreement at US-RP Treaty of Amity, Trade and Navigation. Makikipagnegosasyon para sa mga bagong kasunduan at kaayusan batay sa mga prinsipyo ng mutwal na kapakinabangan at di panghihimasok sa mga panloob na suliranin ng isa't isa.

Sa pangkalahatan, isasabansa ang direktang pamumuhunan at iba pang pinagkikitaang ari-arian ng US, Hapon, at ibang dayuhang kapitalista, laluna ang nasa mahahalaga at estratehikong industriya. Saanman kailangan, ipapailalim sa negosasyon ang paraan ng kompensasyon gayundin ang mga pasubali sa patakarang ito, batay sa interes ng demokratikong republika. Gayunman, tahasang kukumpiskahin ang mga empresang aktibong ginamit sa mga layuning kontrarebolusyonaryo.

Kakanselahin ang mga dayuhang utang na nagpapahirap at sumasabotahe sa ekonomyang Pilipino, nagpapatindi sa atrasadong kalagayan ng bansa, at humahatak ng mga rekursong lokal sa mga gawang di produktibo. Kapag naalis ang masasamang aspekto ng mga utang at nakamit ang mga kondisyong makabubuti sa bayan, maaaring pumasok ang bagong republika sa renegosasyon ng ilang bahagi ng dayuhang utang.

Nalansag na ang mga base-militar ng US ngunit napanatili ang akses ng US sa mga pasilidad-militar at sa teritoryong Pilipino. Ipagbabawal ng bagong gubyerno ang karapatan sa paggamit ng mga pasilidad at teritoryong ito.

Patuloy na nakasandig sa US ang reaksyunaryong armadong pwersa sa estratehikong pagpaplano, pagsasanay ng opisyal, mga lohistika, at iba pa. Hindi kailanman papayagan ng bagong gubyerno na sumandig ang hukbong bayan sa alinmang dayuhang kapangyarihan.

Walang dayuhang kapangyarihan ang pahihintulutang makapagtayo ng mga base militar sa lupang Pilipino o makapaglunsad ng operasyong militar mula sa teritoryong Pilipino. Istriktong ipagbabawal ang pagdaan o pagpasok sa bansa ng mga sasakyang militar na may armas-nukleyar o ang pagpupwesto ng armas-nukleyar sa teritoryo ng bansa.

Lalabanan ng demokratikong republika ang lahat ng porma ng panghihimasok at pakikialam ng dayuhan sa mga panloob na usapin ng bansa.

### 7. Ano ang programang agraryo ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?

Ang programang agraryo ng Demokratikong Rebolusyong Bayan ay ipatupad ang tunay na repormang agraryo, itaguyod ang kooperasyong agrikultural, itaas ang produksyon at empleyo sa pamamagitan ng modernisasyon ng agrikultura at industriyalisasyong rural, at tiyakin ang sustenableng agrikultura.

Nakapaloob sa kasalukuyang minimum na programa sa reporma sa lupa ang pagpapababa ng upa sa lupa, pagpawi sa usura, pagtatayo ng mga sistema sa pagtutulungan, at palitan ng paggawa ng mga magsasaka. Kalakip rin nito ang pagpapataas sa sahod ng mga manggagawang bukid at presyo ng ani at mga produktong agrikultural.

Sa pagsulong ng rebolusyon, naisasagawa na ang ilang pagkumpiska ng lupa mula sa mga mangangamkam at malulupit na panginoong maylupa, at ang libreng pamamahagi nito sa mga magsasaka; ang di pagbabayad sa di makatwirang mga utang; ang pag-oorganisa ng ilang kooperatibang magsasaka; at ang paggamit ng teknolohiya na angkop sa sustenableng agrikultura.

Pagkatapos ng pambansang tagumpay ng rebolusyon, mailulunsad na ang maksimum na programa sa reporma sa lupa, na kabibilangan ng kumpiskasyon ng mga ari-arian ng panginoong maylupa, at ng makatwirang pamamahagi nito nang walang bayad sa mga magsasakang nangangailangan.

Sa ilalim ng demokratikong republikang bayan, ganap na ipatutupad ang komprehensibong repormang agraryo sa lahat ng lupang agrikultural, palaisdaan, hayupan at pastulan nang may kaukulang pagsasaalang-alang sa mga lupang ansestral ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera, at mga pambansang minorya.

Bibigyan ng suportang serbisyo at insentibo ang mga tumanggap ng reporma sa lupa at ang mga magsasakang may sariling bukirin upang mapalaki ang produksyon at kita sa agrikultura at ibang kaugnay na gawain.

Masiglang itataguyod ang kooperatibismong agrikultural kahit wala pa ang mekanisasyon. Hakbang-hakbang na ipatutupad ang proseso ng kooperatibisasyon at mekanisasyon na nakakawing sa pag-unlad ng industriya.

Hahayaan sa mayamang magsasaka ang kanilang lupa. Subalit sila mismo ang maglilinang nito at ipagbabawal ang pag-upa ng manggagawang bukid. Ang mga panginoong maylupang hindi tututol sa reporma sa lupa at makikipagtulungan sa demokratikong gubyernong bayan ay bibigyan ng sapat na pagkakakitaan para sa isang katamtamang pamumuhay ng kanilang pamilya.

Isasakamay ng estado ang mga modernong plantasyong pag-aari at kontrolado ng mga dayuhang agrikorporasyon at mga kasosyo nilang malalaking burges-

komprador at panginoong maylupa. Patatakbuhin ng estado o kooperatiba ng mga manggagawang bukid ang malalaking plantasyon.

Kokontrolin ng mga empresa ng estado at ng mga kooperatiba sa agrikultura ang mga mayor na pagrerepina, pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong agrikultural batay sa klase ng produkto, kaugnay na kabuluhan sa pambansang ekonomya at kabuhayan ng mamamayan, mga partikular na salik na natatangi sa produkto, at mga kakayahan ng kinauukulang sektor.

Ang pamilya ay hihikayatin sa pantahanang pagpopoproseso at pagbebenta ng sari-saring produktong agrikultural, at walang empresang papayagang magsamantala sa mga magsasaka at manggagawang bukid at magtago ng mga produkto, o magtakda ng mga presyong monopolyo.

Itataguyod ang paggawa ng mga gamit at kasangkapan sa pagsasaka, ang produksyon ng iba't ibang binhi, pataba, pestisidyo, at iba pang pangangailangan sa produksyong agrikultural, at mga produktong pangkonsumo na angkop sa mga kalagayan ng lokalidad. Ang industriya ay oobligahing maglingkod sa mga pangangailangan sa produksyon at konsumo ng masang anakpawis, pangunahin ng masang magsasaka.

Magkakaloob ng mga suportang serbisyo, gaya ng tulong-teknikal, patubig, distribusyon ng patubig, pautang, mga pasilidad sa pagbebenta at pag-iimbak. Aasa ang estado sa kooperasyon ng mga organisasyon at kooperatiba ng mga magsasaka.

Pauunlarin ang paghahayupan, pangingisda, at mga produktong-dagat at hihikayatin ang mga tagalikha, laluna ang maliliit, na magbuo ng mga kooperatiba at asosasyon. Tutulungan sila ng estado. Ipapatigil ang pansasaid, polusyon at paninira ng mga kayamanang-dagat na pinangungunahan ng mga kompanyang transnasyunal at mga dayuhang sasakyang-pangisda. Pangangalagaan, papapanag-uliin at pauunlarin ang mga rekursong ito para pakinabangan ng mga mangingisdang Pilipino sa partikular, at ng taumbayan, sa pangkalahatan.

Babalangkasin ang mga programa sa pagpapalaki ng produksyon at sa pagpapaunlad ng pamamahala at teknolohiyang agrikultural. Kabilang dito ang pananaliksik at pagpapaunlad ng angkop na mga teknolohiyang agrikultural at pagpaparami ng klase ng tanim. Para tiyaking sustenable ang

produksyong agrikultural, itataguyod ang mga pamamaraan sa pagsasaka na nakabubuti sa kapaligiran.

Marapat na isaalang-alang ng mga pagtitibaying programa sa pagpapaunlad ng agrikultura at angkop na teknolohiya ang kalagayan ng kababaihang magsasaka at pagyayamanin ang kanilang mga kakayahan sa produksyong agrikultural, samantalang pinalalaya sila sa pagkakatali sa mga gawaing bahay.

Ang agrikultura ang magsisilbing base ng ekonomya na tutugon sa pagkain at ibang pangangailangan ng mamamayan, kabilang ang hilaw na materyales na kailangan ng industriya.

Sa paglaki ng kita sa mga gawaing agrikultural at di agrikultural, magiging malaking pamilihan ng mga produkto ng lokal na industriya ang mga komunidad sa kanayunan. Ang paglaki ng pamilihan sa mga lalawigan at modernisasyon ng agrikultura ay gagamitin ng estado sa pagpaplano ng industriyalisasyon ng buong kanayunan para palaguin ang mga gawaing manupaktura sa kanayunan at para makalikha ng paparaming hanapbuhay.

**8. Ano ang programa sa ekonomya ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?**

Bukod sa rebolusyonaryong agraryong reporma, wawasakin ang dominasyon ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan, malalaking kumprador-burges at panginoong maylupa sa ekonomya, ipapatupad ang pambansang industriyalisasyon at itatayo ang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili.

Habang inilulunsad ang bagong demokratikong rebolusyon, kahit hindi pa naaagaw ang kapangyarihang pampulitika sa buong bansa, itataguyod na ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pambansang industriyalisasyon, at gagawa ng mga kongkretong hakbang upang suportahan ang produksyon at kalakalan ng mga produktong Pilipino. Kabilang sa mga hakbang na ito ang paglikha ng maiinam na kondisyon para sa mga kapitalistang Pilipino at ang restriksyon sa mga dayuhang monopolyo-kapitalista.

Pagkatapos ng pambansang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika, agad isasabansa ng rebolusyonaryong estado ang kapital at lupang pag-aari ng mga dayuhang monopolyo-kapitalista, mga burukratang kapitalista, malalaking burges-komprador at panginoong maylupa. Ang lupa ng mga panginoong maylupa ay ipamamahagi nang libre sa mga magsasakang walang lupa o kulang ang sinasakang lupa.

Sa ngalan ng sambayanan, estado ang mangangasiwa sa ekonomya at patatakbuhin nito ang mga importante at estratehikong empresa, mga pangunahing pinagkukunan ng hilaw na sangkap at mga pangunahing komersyo.

Ang mga kooperatibang agrikultural at industriyal ay kabilang sa pampublikong sektor ng ekonomya. Magkakaroon din ng mga empresang sosyohang estado-pribado. Kasabay nito, bibigyan ng konsesyon ang mga pambansang kapitalista at iba pang mas maliliit na pribadong mag-ari ng mga gamit sa produksyon. Sa madaling sabi, may anyong sosyalista at kapitalista ang tatayong ekonomya sa umpisa, ngunit magpapatuloy ang transpormasyon nito.

Itatayo ng demokratikong republikang bayan ang isang ekonomyang malaya at umaasa-sa-sarili, na katatampukan ng programa para sa pambansang industriyalisasyon at nakabatay sa agrikulturang dumaan na sa reporma sa lupa.

Bubuwagin ng pambansang industriyalisasyon ang kasalukuyang kolonyal na sistema ng pamumuhunan, produksyon at kalakalan na pangunahing nakabatay sa pagluluwas ng hilaw na materyales na likha ng agrikultura at pagmimina, pag-angkat ng mga yaring produkto at kapital, at muling pagluluwas ng mga angkat na produktong muling inasembol o muling inimpake.

Palilitawin ng pag-unlad ng agrikultura ang malaking kantidad ng sobrang produksyon, na dati'y kinakamkam ng parasitikong uring panginoong maylupa, upang suportahan ang mga pangangailangan ng industriya. Tutustusan ng paglago ng agrikultura ang pangangailangan sa pagkain at hilaw na sangkap ng industriya, at palalakihin ang kakayahang bumili ng mamamayan sa kanayunan, na magbubunga ng paglaki ng lokal na pamilihan ng mga produktong pangkonsumo at gamit sa produksyon.

Sa bagong sistemang pangkabuhayan, ipoproseso sa loob ng bayan ang mga hilaw na sangkap gaya ng troso, niyog, asukal, hilaw na metal at ang iba pang pangunahing produkto.

Sa pamamagitan ng pagpaplano, titiyakin ng estado na balansyado ang proporsyon ng pagpapaunlad ng mabibigat na industriya na tumatayong nangungunang salik, ng agrikultura bilang base ng ekonomya, at ng magagaan

na industriya bilang tulay na kagyat na lumilikha ng mga produktong pangkonsumo para sa buong bayan at ng mga gamit sa produksyon ng agrikultura.

Itatayo ng estado ang mga batayan at mabibigat na industriya sa pagpoproseso ng mga hilaw na metal, pangunahing kemikal, enerhiya, petrokemikal, mga gamit sa produksyon at mga instrumentong presisyon. Ipoprograma ang pagpapaunlad sa mga industriyang ito ayon sa mga naririyang rekurso at sa bilis na hindi makapagsasamantala sa mamamayan, laluna sa masang magsasaka.

Ipaprayoridad ang mga industriyang magaan: industriya ng pagkain, inumin, at produktong mula sa gatas; paglinang sa produktong dagat at pangingisda; tela at damit; pabahay; kagamitang agrikultural; sistema ng tubig at sanitasyon; kemikal at paggawa ng gamot; elektroniks at telekomunikasyon; pagbabarko, perokaril, at iba pang sistema ng transportasyon.

Pagtitibayin ang mga patakaran sa pananalapi at pinansyang publiko upang matiyak ang masinop na paggamit sa impok na salapi ng bayan at sa limitadong pondo ng pananalaping panlabas (foreign exchange) para sa pambansang industriyalisasyon, kooperatibisasyon at mekanisasyon ng agrikultura.

Hindi pahihintulutang makapagdikta ng anumang patakaran sa ekonomya ang IMF at mga katulad na institusyon na kontrolado ng imperyalista. Hindi uutang sa dayuhan kung makakasama sa pambansang interes at sa pag-unlad ng ekonomya.

Ang kita ng estado ay pangunahing manggagaling sa mga empresa ng estado, mga sosyohang empresang estado-pribado, at mga kooperatiba. Ipatutupad ang progresibong sistema ng pagbubuwis sa mga pribadong empresa.

Ipatutupad ng estado ang mahigpit na patakaran laban sa paglahok sa mga proyektong di kailangan at di produktibo, at maglulunsad ng kampanya laban sa burukratikong pagwawaldas. Katamtamang laking hukbong sandatahan lamang na suportado ng aktibo at maaasahang milisyang bayan at ng kabataaang nagsasanay-militar ang mamantinihin para pangalagaan at ipagtanggol ang estado at ang bansa.

Itataguyod ang kalakalan at iba pang anyo ng mga ugnayang pangkabuhayan sa lahat ng bansa, batay sa prinsipyong pagkakapantay-pantay at parehong pakinabang ng bawat isa. Kailanman uubra, papasok ang estado sa pakikipagbarter sa mga interesadong bansa.

Gagamit lamang ng mga dayuhang puhunan at pautang kung iyon ay ang pinakamurang paraan ng pagkakamit ng kailangang teknolohiya, produkto at pamilihan, alinsunod sa mga partikular na plano sa ekonomya. Hindi dapat mauwi ang mga ito sa mga "reporma" na maglalayo sa bansa sa sosyalistang landas at magpapanumbalik sa kapangyarihan ng burgesya sa ekonomya at pulitika.

Bibigyan ng malaking importansya ang pagpapaunlad ng kakayahan ng bansa sa syensya at teknolohiya. Upang matamo ang layuning ito, maglalaan ng karampatang bahagi ng pambansang pondo para sa mga programa sa mga syentipiko at teknolohikal na pananaliksik. Itutuon ang mga ito sa pagtatayo ng pambansang imprastruktura para sa siyensya at teknolohiya: pananaliksik at pagpapaunlad sa mga syensyang batayan at praktikal; pagpapaunlad ng mga katutubong teknolohiyang ginagamit sa kasalukuyan; paglalapat sa bansa ng mga dayuhang pagsulong sa teknolohiya; at pagtiyak ng sapat na dami ng mga manggagawa na may kasanayan at kakayahan sa syensya at teknolohiya.

Ang mga resulta ng syentipiko at teknolohiyang pananaliksik ay ibibigay ng estado sa mga empresa upang magamit ang mga ito sa mas malaking oportunidad sa pag-unlad ng ekonomya, empleyo at mas mataas na kita, gayundin sa pangkalahatang kagalingan ng sambayanan. Pasisiglahin ng estado ang aktibong partisipasyon ng mga empresa sa produksyon at mga organisasyong masa sa pagpapaunlad ng syensya at teknolohiya.

Isusulong ng estado ang komprehensibo at balansyadong pambansang patakaran para sa lahatang-panig na eksplorasyon, konserbasyon at pagpapaunlad ng mga likas na kayamanan. Kailangang pangalagaan at paunlarin ang isang malusog na likas na kapaligiran.

Isusulong ang pambansang industriyalisasyon nang may kaukulang pagsasaalang-alang sa pangangalaga at masinop na paggamit sa base ng mga rekursong nauuli at hindi. Ipapatupad ng estado ang patakaran sa pangangalaga ng kapaligiran, kontrol sa polusyon at sustenableng pag-unlad.

Magsasagawa ng pagpaplano sa ekonomya para maiwasan ang mapanirang mga epekto ng hindi timbang na ekonomya at maisulong ang balansyadong pag-unlad ng mga industriyang mabigat at magaan at agrikultura, at ng paglilikom ng kapital at konsumo. Bibigyan din ng sapat na pansin ang iba pang estratehikong industriya.

Sa heyograpikong pagpapalaganap ng mga benepisyo ng kaunlaran sa ekonomya, pananatilihin ang angkop na pagsasanib ng sentralisado, rehiyunal at lokal na pagpapaunlad.

Titiyakin ng pambansang planong pangkabuhayan ang aktibong partisipasyon ng lahat ng demokratikong uri sa iba't ibang antas, pagsasaalang-alang sa lokal na rekurso at base sa teknolohiya, gayundin sa operasyon ng pamilihan.

Gagawing patakaran sa pangangasiwa ng mga empresa ang partisipasyon ng mga kadre, manggagawa at eksperto. Kasabay nito, palalahukin ang mga kadre at eksperto sa paggawa nang kasama ng mga manggagawa.

Mulat sa susing papel na ginagampanan ng pwersa ng paggawa sa pagtatayo ng ekonomya, isusulong ng bagong estado ang lubusang pagpapaunlad sa mga mamamayan ng bansa at aalisin ang patakaran ng pagluluwas ng lakas-paggawa. Hihikayatin ang mga Pilipino sa ibayong dagat na bumalik sa bayan at mag-ambag ng kaalaman, kasanayan at mga rekurso sa mabilis na rekonstruksyon at rehabilitasyon ng bayan.

**9. Ano ang patakarang panlipunan ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?**

Ipapatupad ang isang komprehensibo at progresibong patakarang panlipunan.

Labis na sinasalanta ang taumbayan ng kapabayaan ng gubyerno sa paghahatid ng mga batayang serbisyo, laluna sa mga komunidad ng mga maralita sa lunsod man at nayon.

Sa kasalukuyan, may ilang batayang serbisyo ang naibibigay ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mga larangang gerilya sa pamamagitan ng mga kampanya at programang gaya ng pagtuturong bumasa, sumulat at bumilang; pangangalaga sa kalusugan; at mga gawain sa produksyon.

Inaasahan na sa mga unang taon matapos bumagsak ang reaksyunaryong gubyerno, patuloy na mananalasa ang mataas na presyo, kasalatan ng suplay ng

mga pangunahing produkto, dislokasyon sa produksyon, ispekulasyon at iba pang kasamaang kaakibat ng pagkabulok at ganap na pagbagsak ng papet na rehimen.

Gagawa ng mabibilis at mapagpasyang hakbang ang bagong gubyerno upang kontrolin at lutasin ang mga problemang ito sa pamamagitan ng masinop na paggamit ng kapangyarihang pampulitika, pagpapanibagong-sigla ng produksyon, at paghahatid ng mga serbisyong panlipunan sa pinakamabilis na paraang kakayanin, habang muling itinatayo at isinasaayos ng estado ang lipunan. Sa ganap na pagbangon at pag-unlad ng ekonomya, mailalatag ang mga kondisyon upang puspusang maipatupad ang mga patakaran ng bagong gubyerno sa paghahatid ng mga serbisyong panlipunan.

Layunin ng patakarang panlipunan ng bagong gubyerno na makatwirang ibahagi ang mga benepisyo ng paglago ng ekonomya, nang inuuna ang kapakanan ng manggagawa at magsasaka. Itataguyod ang katarungang panlipunan at isusulong ang dignidad at kalidad ng pamumuhay ng taumbayan. Ang mga serbisyong panlipunan ay magiging mahalagang bahagi ng matagalang pagpapaunlad ng ekonomya at lipunan.

Patakarang panlipunan na palahukin ang mga manggagawa sa pamamahala ng mga empresang pinagtatrabahuhan. Tungkulin ng mga unyon na pangalagaan ang mga karapatan ng manggagawa, pahusayin ang mga kalagayan sa paggawa't pamumuhay, at ipatupad ang mga hakbang para sa kagalingang panlahat.

Pangungunahan ng bagong gubyerno ang pagbibigay ng mga serbisyong panlipunan. Pakikilusin ang mga organisasyon at ahensya ng mamamayan, ang mga institusyong pribado, mga kumpanya at indibidwal. Hihikayatin ang mga simbahan na tumulong sa gawaing rekonstruksyon at rehabilitasyon at paghahatid ng mga serbisyong panlipunan. Itataguyod ng sistema ng serbisyong panlipunan ang pag-asa-sa-sarili at ang partisipasyon ng mamamayan.

Bibigyang-diin ng bagong sistema ng pangangalaga sa kalusugan ang mga serbisyo sa pag-iwas ng mamamayan sa sakit. Espesyal na atensyon ang ibibigay sa pangunahing pangangalaga sa kalusugan, palalakasin ang partisipasyon ng lahat sa mga programang masa na epektibong nakaugnay sa mga ospital at iba pang sistema ng suportang medikal. Pauunlarin at isusulong ang mahusay at akmang teknolohiyang medikal, pati ang mga ospital, klinika

at iba pang pasilidad at kagamitang pangkalusugan. Parehong isusulong ng bagong estado ang paggamit at pagpapaunlad sa tradisyunal at modernong medisina.

Maglulunsad ang estado ng puspusang treyning, pagpapaunlad at pagtatalaga ng mga tauhang medikal na laan sa kapakanan ng mamamayan at hindi para ikalakal sa mga dayuhang pamilihan, gayundin para sa paglutas ng di timbang na mga serbisyong kalusugan sa mga lunsod at nayon. Itutuon ang pag-unlad ng mga syensyang pangkalusugan sa pagpapaunlad ng mahuhusay na tauhang medikal na ginagabayan ng diwa ng paglilingkod sa sambayanan.

Pakikilusin ang lakas at rekurso ng taumbayan para sa pagtatayo ng mga pasilidad sa nutrisyon, pagpaplano ng pamilya, pangangalaga sa mga ina't sanggol, daycare, pagtitiyak ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho, malinis na kapaligiran, pagkontrol sa polusyon, at pagdamay sa panahon ng kalamidad mula pagsaklolo hanggang rehabilitasyon.

Itatatag ang sistema ng edukasyong makabayan, syentipiko, at makamamamayan batay sa mga kakayahan at talino ng bawat mag-aaral. Ipatutupad ang libreng edukasyon para sa lahat mula elementarya hanggang kolehiyo. Bubuo rin ng pambansang programa sa tuloy-tuloy na edukasyong di pormal, espesyal at pangmatanda para sa pag-aaral na bumasa, sumulat, bumilang at magkwenta, at sa pagsasanay sa larangan ng produksyon sang-ayon sa interes ng mga mag-aaral.

Ipatutupad ang mga komprehensibong programang pansining, pampalakasan at panlibangan para paunlarin ang kagalingang madla. Paaabutin ang mga ito sa mga batayang antas ng lipunan para mabigyan ang taumbayan ng maraming pagkakataon sa lahatang-panig na kaunlarang pisikal at mental, kaayaayang libangan at pangkalahatang kagalingan.

Babalangkasin ng bagong gubyerno ang isang komprehensibong programa para sa pagpapanibagong-sigla ng mga lunsod. Kabilang sa mga pangunahing nilalaman nito ang programa na nakabatay sa pangmasang pabahay; sapat na mga serbisyong publiko gaya ng elektrisidad, malinis na tubig at sanitaryong sistema ng pagtatapon ng basura; mga pasilidad sa paglilibang; mahusay na sistema ng transportasyon at komunikasyong publiko; at pagpapanatiling malinis ng kapaligiran.

Lulutasin ang problema sa pagsisikip ng lunsod sa pamamagitan ng mga programa ng pagpapaunlad sa ekonomya ng kanayunan at pagpapataas ng antas ng pamumuhay at kultura ng mamamayan sa kanayunan.

Ipatutupad ng bagong gubyerno ang mga mekanismo para pangalagaan ang mga mamimili; pauunlarin ang pambansang industriya ng pagkain, gamot at iba pang mahahalagang aspekto ng pangangalaga sa kalusugan; pipigilan ang pagpasok ng mapanganib na mga teknolohiya at produkto; titiyakin ang pinakamataas na pamantayan sa pagtupad sa tungkuling magkaloob ng mga pangunahing serbisyo; parurusahan ang sinuman o anumang institusyon na nagdudulot ng kapinsalaan o kamatayan dahil sa iresponsibilidad.

Babaguhin ang sistema ng seguridad-panlipunan upang mapahusay ang suporta sa mga walang trabaho o yaong naratay sa karamdaman, sa mga nagkaroon ng kapansanan o sa matatanda. Espesyal na atensyon ang ibibigay sa pamilya ng mga bayani at martir o beterano ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Bibigyan ng espesyal na atensyon ang kagalingan ng may kapansanan, matatanda, ulila at mga bata.

Gagarantiyahan ang karapatan ng mga bata, laluna ang pangangalaga sa kanila laban sa abuso at pagpapabaya. Ipatutupad ng bagong gubyerno ang mga patakaran at hakbang sa paglutas ng suliranin ng mga batang lansangan, abandonado, adik sa bawal na gamot, biktima ng prostitusyon at karahasang sekswal, at mga dalagang ina.

Hihikayatin ang mga napalikas sa kanilang lugar na bumalik sa kanilang dating pamayanan o manatili sa bago nilang tirahan kung doon ay mayroon na silang trabaho. Ang mga sundalong tapos na sa serbisyo ay bibigyan ng pagkakataong maghanapbuhay at kumita nang marangal.

**10. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng kultura?**

Programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan na itaguyod at paunlarin ang pambansa, syentipiko at pangmasang kultura.

Nahubog sa bansa ang kulturang alipin, bulag na panggagaya sa mga bagay na dayuhan, at urong na pag-iisip bunga ng dantaong paghaharing dayuhan at pyudal. Hinulma ng kulturang ito ang atrasadong kamalayan upang ang

dayuhan ay maging katanggap-tanggap at mawala ang kakayahang kilatisin ang dayuhan at pyudal na pagsasamantala at pang-aaapi.

Kailangan ang pambansa-demokratikong rebolusyong pangkultura para malikha ang kamalayang magtutulak sa mamamayang lumaban at ibagsak ang mga nang-aapi sa kanila, at sa proseso ay mailuwal ang isang pambansa at progresibong kulturang bayan.

Sa mga lunsod at nayon, nakalikha na ang mga artistang rebolusyonaryo at makabayan ng mayamang kalipunan ng mga obrang sining (literatura, sining-biswal, teatro, musika, sayaw, atbp.) bilang ekspresyon ng kalagayan at mga mithiin ng sambayanan. Dapat maging tuluy-tuloy ang paglikha, pagpapalaganap at pagpapataas ng pamantayan ng sining at panitikang ito.

Ang rebolusyong pangkultura ay integral na bahagi ng digmang bayan, pagtatayo ng mga base at pagpapaunlad ng iba't ibang kilusang masa sa kanayunan at kalunsuran sa buong panahon ng pambansa-demokratikong rebolusyon at sa kasunod na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Isinasagawa ang mga programa sa pagtuturong bumasa, sumulat at magbilang at edukasyon sa hanay ng iba't ibang uri at sektor ng lipunan, laluna ng mga manggagawa at magsasaka, para palayain sila sa kamangmangan, pamahiin, at mga kasinungalinga't panlilinlang ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri.

Pinalalakas ang mga rebolusyonaryo at progresibong tunguhin sa hanay ng taong simbahan para mapahigpit ang kanilang pakikiisa sa rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

Kapag naitatag na ang bagong gubyerno, ibayong pauunlarin nila ang kulturang tumutugon at nagsusulong sa bagong kaayusang panlipunan. Puspusang palalaganapin ang isang kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa.

Ito ay kulturang pambansa dahil nagtataguyod at nagtatanggol sa karapatan ng bansang umaasa-sa-sarili at nakikibaka sa kolonyal na kaisipan at diwang alipin. Ibinabandila nito ang nagsasariling identidad na Pilipino at ang mayamang kultura ng iba't ibang rehiyon at lugar, pati ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

Ito ay kulturang syentipiko dahil nagtataguyod ng syentipikong pananaw at pamamaraan; at sumasalungat sa kaisipang pyudal at mga ideyang nagbubulid sa mamamayan sa balon ng kamangmangan at walang-batayang mga paniniwala, imoralidad, kaugalian at pamahiin. Ang mga ito ang nagdadala sa kanila sa landas na salungat sa rebolusyonaryong pagbabago.

Ito ay kulturang pangmasa dahil nagmumula at naglilingkod sa interes ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino; sumasalamin sa kanilang mga kalagayan at nagpapahayag ng kanilang mga pangangailangan at mithiin; at bumabaka sa umiiral na paniniwala at kaugaliang bulok, burges, pyudal, antimamamamayan at anti-kababaihan.

Sa liwanag rin ng kulturang ito, lilinangin ng bagong gubyerno ang prinsipyo ng malawakang partisipasyon ng masa sa mga usaping publiko at ang diwa ng serbisyong publiko.

Itataguyod at isusulong ng bagong gubyerno ang kulturang masa sa pamamagitan ng edukasyon, sining at panitikan, masmidya, at mga tuwirang kampanya sa hanay ng mamamayan. Kaugnay nito, palalayain sa kontrol ng dayuhan at pribadong monopolyo ang pag-aari sa mga institusyong pang-edukasyon, pangkultura at masmidya. Gayunman, ang mga organisasyong masa at samahang propesyunal ay maaaring mag-ari at magpatakbo ng mga pasilidad sa kultura at masmidya. Gagarantiyahan ang mga kalayaan sa pagpapahayag at pamamahayag.

Ang edukasyon, na pangunahing tungkulin ng estado, ay para sa lahat. Titiyakin ang libreng edukasyon sa lahat ng antas. Bibigyan ng mga karampatang subsidyo ang tersyaryong edukasyon at papayagan ang mga pribadong institusyong pang-edukasyon sa kondisyong pangangasiwaan ang mga iyon ayon sa programa ng edukasyong publiko at unti-unting isasapubliko.

Ipatutupad ang mga malawakang kampanya sa pagtuturong bumasa, sumulat at bumilang, at edukasyon para iangat ang antas ng kultura ng mamamayan sa mga lugar na atrasado dahil sa hindi mainam na kalagayan sa nakaraan. Babaguhin ang istruktura ng mga institusyon sa pormal at di pormal na edukasyon. Isasalin, ilalathala, at maramihang ipalalaganap nang mura ang mga libro, mga babasahin at iba pang midya. Babaguhin ang oryentasyon ng mga kurikulum para tumugon sa mga pangangailangan ng bansa at sambayanan.

Magsasagawa ng mga programa sa edukasyon ng mga magulang upang mabaka ang mga pyudal, burges at patriyarkal na paniniwala at kalakaran sa pagpapamilya. Gagawin ito upang maagang maturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak ng rebolusyonaryong kamulatan.

Susuportahan ng bagong gubyerno ang pagpapaunlad ng malikhaing sining (literatura, sining-biswal, musika, sayaw, teatro, pelikula at video) at ang pagyabong ng mga sentro sa eksperimentasyon at inobasyon sa sining. Hihikayatin nito ang pagyakap sa oryentasyong masa, kabuluhang panlipunan at rebolusyonaryong nilalaman, ang pagpapaunlad ng pagkamalikhain at kalidad ng porma ng mga sining; at sa gayon ay mapatingkad ang ambag ng sining sa panlipunan at pangkulturang paglaya ng bayan.

Palalaganapin ng bagong gubyerno ang pag-aaral sa syensya at teknolohiya at magtatayo ng mga sentro sa pananaliksik para sa batayang syensya at teknolohiya. Isusulong din nito at hihikayatin ang tuwiran at aktibong partisipasyon ng mga empresa sa produksyon sa pagpapaunlad ng syensya at teknolohiya.

Pauunlarin at ipapalaganap ang Filipino bilang pambansang wika. Patuloy na gagamitin at pauunlarin ang mga lokal na lenggwahe at diyalekto. Mag-aambag sila sa pagpapaunlad ng Filipino habang tumutulong ang lokal nilang wika sa higit pa nilang pag-unlad.

Igagalang at itataguyod ang kultura ng iba't ibang komunidad na etnolinggwistiko. Gagawa ng kaukulang hakbang para iwasto ang institusyunalisadong pang-aapi at diskriminasyon sa mga ito.

Muling isusulat ang ating kasaysayan batay sa pananaw ng sambayanang Pilipino, na nagpapaigting sa kanilang mapagpasyang papel sa paglikha ng kasaysayan. Itutuwid ang ginawang pambabaluktot ng mga imperyalista at lokal na naghaharing uri upang magsilbi sa kanilang interes.

Pangangalagaan at pararangalan ang pambansang pamanang pangkultura ng ating lahi na bukal ng kadakilaan at dangal ng ating bayan. Hindi papayagan ang pagpupuslit sa bansa at pangangalakal ng mga pambansang yamang pangkultura at kakampanyahin ang pagbawi ng mga naipuslit.

Hihikayatin ang palitang pangkultura ng mga artista, manunulat, edukador, siyentista, iskolar at iba pa, para makapagbahaginan ng kani-kanilang kaalaman

at paggamit sa mga ideya at materyal sa layuning maglingkod sa mga pangangailangan ng bansa at sambayanan.

**11. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng sambayanang Moro, mga sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya?**

Ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan ay itaguyod ang karapatan sa demokrasya at pagpapasya-sa-sarili ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

Sa mahigit na 300 taong paghahari ng kolonyalismomg Espanyol, naglunsad ng magiting at tuloy-tuloy na paglaban sa kolonyalismo at imperyalismo ang sambayanang Moro ng timog at gitnang Mindanao, gayundin ang sambayanan ng kabundukang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

Kinailangan ang superyor na lakas ng imperyalismong US upang marahas silang maigupo at mapasunod sa kolonyal na paghahari sa pamamagitan ng panunuhol at kooptasyon ng maraming lider at pagsira sa kanilang sistema ng pamumuhay at mga kostumbre. Subalit nagawa nilang ipagpatuloy ang pakikibaka sa iba't ibang paraan. Sa paulit-ulit nilang pag- aalsa, napangalagaan nila ang kani-kanilang tradisyon.

Sa ilalim ng republikang neokolonyal, ang mga pambansang minorya ay lalong hinamak ng mga lokal na naghaharing uri at mga amo nilang Amerikano; at tinrato sila bilang mababababang klaseng tao. Naging biktima sila ng institusyunalisadong pag-aglahi at pang-aapi, malawakang pangangamkam ng lupa at malaganap na armadong pananakot at pang-aabuso. Ilang daang ulit na pinag-ibayo ng pasistang diktadurang Marcos ang mga krimeng ito sa pamamagitan ng mga kampanyang pamumuksa laban sa sambayanang Moro at ng malawakang pangangamkam sa mga lupa ng mga ninuno ng sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya.

Sa panahon ng diktadurang Marcos, ang kanilang armadong pakikibaka ay naging isang puspusang pakikibaka para sa pagpapasya-sa-sarili. Lumaban rin ng armado ang sambayanang Kordilyera na kasanib ng rebolusyonaryong mga pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino. Lumahok ang iba pang pambansang minorya sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Itinataguyod ang karapatan ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya na magpasya-sa-sarili laban sa pambansang pang-aapi. Karapatan nilang pagpasyahan ang kanilang sariling buhay, palayain ang sarili sa pambansa at makauring pagsasamantala, panghahamak at pag-aglahi. Karapatan nilang magtamasa ng demokrasya, pamahalaan ang sarili, at pagpursigihan ang pagpapaunlad ng kanilang pamayanan, alinsunod sa mga kongkretong kalagayan nila.

Nakapaloob sa karapatang magpasya-sa-sarili ang karapatang humiwalay o sesesyon, laluna sa ilalim ng mga kondisyon ng pambansang pang-aapi. Sa kanilang pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos, itinaas ng sambayanang Moro ang bandila ng sesesyon. Sa ilalim ng demokratikong Pilipinas kung saan ginagarantiyahan ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamamayan at nasyunalidad, ang sambayanang Moro ay hihikayating pumili ng makatwiran at pinakaangkop, at tunay na awtonomyang pampulitika.

Pagkatatag ng demokratikong gubyernong bayan, pagtitibayin nito ang karapatang magpasya-sa-sarili ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya. Titiyakin sa kanila ang tunay na pamamahalang awtonomo at nararapat na representasyon at partisipasyon sa sentral na gubyerno. Tutugunan ang mga kahilingan nila sa mga lupang ansestral nang may karampatang pagkilala sa kanilang kongkretong kalagayan. Tutugunan ang matagal na nilang mga hinaing. Titiyakin sa kanila ang pantay na mga karapatang pampulitika, pang-ekonomya at panlipunan, gayundin ang paggalang sa kanilang kalakaran sa pamumuhay.

Ang totoong awtonomya ay mangangahulugan ng tunay at lubos na mga garantiya sa sariling-pamamahala sa balangkas ng demokratikong republikang bayan. Magkakaroon ng isang istruktura ng gubyerno na titiyak sa lubos na partisipasyon at mapagpasyang tinig ng mga mamamayan sa mga awtonomong purok — sa lahat ng usaping nakakaapekto sa kanilang buhay; pagkilala sa kanilang karapatan sa mga lupang ansestral; prayoridad sa trabaho at mga oportunidad sa ekonomya; pangunahing pagtamasa ng mga pakinabang sa pag-unlad ng ekonomya sa kanilang mga pook para pabilisin ang kanilang kaunlarang panlipunan; at paggalang sa kanilang tradisyon at kultura. Sa labas ng mga awtonomong purok, magkakaroon sila ng makabuluhang representasyon sa pambansang kongresong bayan, at proporsyunal na representasyon sa mga organo ng kapangyarihan sa Mindanao sa iba't ibang antas.

Igagalang ang mga tradisyong panlipunan, ligal, relihiyoso at pangkultura ng sambayanang Moro, sambayanang Kordilyera at iba pang pambansang minorya. Kasabay nito, hihikayatin silang magkaroon ng interaksyon sa mayaman at iba't ibang kultura sa Pilipinas.

Sa paglakas ng mga rebolusyonaryo at progresibong tunguhin sa hanay ng mga pambansang minorya, tutulungan ng sentral na gubyerno ang mga awtonomong purok at mamamayan na umunlad ayon sa kanilang mga desisyon at partikular na kalagayan. Bibigyan sila ng lahat ng kailangang suporta para sumulong at umunlad kasabay ng iba pang mamamayan sa bansa.

**12. Ano ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng kababaihan?**

Ang programa ng Demokratikong Rebolusyong Bayan kaugnay ng kababihan ay isulong ang rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan sa lahat ng larangan.

Ang paghihirap ng kababaihan sa ilalim ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo ay pinalalala at pinalalalim ng patriyarkiya. Kasabay nito, pinatitindi pa ng mga naghaharing uri ang patriyarkal na pang-aapi sa kababaihan.

Pasan-pasan ng kababaihan ang iba't ibang anyo ng paghihirap, kaabahan at diskriminasyon, bukod sa pang-aapi at pagsasamantalang kanilang dinaranas bilang bahagi ng lakas-paggawa ng lipunan. Minamaliit ang kanilang papel sa produksyon at ekonomya ng bansa, sinasagkaan ang partisipasyon nila sa komunidad at itinatali sila sa gawaing-bahay.

Bilang mga manggagawa sa industriya ng manupaktura, komersyo at serbisyo, napapailalim sila sa pinakabuktot na mga anyo ng pang-aaliping-sahuran at panggigipit na sekswal.

Sa kalakhan, nananatiling mas mababa o walang bayad ang trabaho sa bukid ng mga kababaihang magsasaka, bagaman sinasabing may pantay silang karapatan sa pagmamay-ari ng lupa. Kadalasa'y sa asawang lalaki lamang nakapangalan ang sertipiko o titulo. Nangyayari pa rin na mga anak na babae ang ipinambabayad sa utang sa panginoong maylupa o ipinaaalila para makabayad ng pagkakautang.

Dinaranas ng mga babaing propesyunal ang di pantay na oportunidad at promosyon sa trabaho. Napipilitan ang marami sa kanila na mamamasukan sa ibang bansa at gumampan ng mga hamak na trabaho at malimit silang dumanas ng matinding pagsasamantala, pang-aaglahi at pang-aabusong sekswal. Kalakal na mismo ang kababaihan sa mga industriyang nagkokomersyo ng aliw, na nakababahala na ngayon ang pagdami.

Sa pangkalahatan, patuloy na sinasagkaan kundi man tuwirang pinagbabawalan ang kababaihan sa paglahok sa pagdedesisyon sa tahanan, sa kalakarang panlipunan at sa gubyerno. Kalimitang itinuturing na sunud-sunuran lamang sila sa kanilang asawa.

Nakahabi sa pakikibaka para sa pagpapalaya ng bansa at lipunan ang pakikibaka para sa paglaya ng kababaihan. Mailalatag lamang ang batayang kondisyon para sa paglaya ng kababaihan sa pagpapabagsak ng dayuhan at pyudal na paghahari at pagkatapos, sa pagwasak sa iba pang istrukturang panlipunan na nagpapatibay sa patriyarkiya.

Tanging sa pagpapalaya lamang ng kababaihan — pagpukaw, paghikayat at pagsuporta sa kanila habang umaalpas sila sa pagkakatali sa tahanan, tradisyon at kasalukuyang mga maling pananaw — maaaring lubusang mapaalpas ng rebolusyon ang makapangyarihang pwersang ito para sa pagpapalaya ng ating bansa at lipunan. Kaya isang susing sangkap sa pagpapalaya ng buong bansa ang pagpapalaya sa kababaihan.

Mulat na nagsisikap ang rebolusyonaryong kilusan upang aktibo at maramihang mapalahok ang kababaihan sa iba't ibang larangan ng pakikibaka. Subalit dahil sa lalim ng baon ng patriyarkiya, kailangang bakahin ng mga rebolusyonaryo ang mga manipestasyon nito maging sa loob ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa bagong lipunan, hindi maglalaho ang patriyarkiya sa isang iglap lamang. Subalit sisibol ang mga kondisyon para sa mas malawak na kalayaang panlipunan, pangkabuhayan, at pangkultura na tutulong sa ganap na pagpapalaya ng kababaihan.

Isang malakihang programa sa edukasyon para sa kababaihan at kalalakihan ang ilulunsad kaugnay ng rebolusyonaryong pagpapalaya sa kababaihan. Gagawa rin ng kongkretong mga hakbang para ituwid ang mga pang-aapi sa kababaihan sa iba't ibang aspeto ng buhay.

Aktibong tututulan ang mga palasak na lisyang pananaw at diskriminasyon sa kababaihan, kabilang na ang lahat ng anyo ng seksismo. Parurusahan ang pisikal at sekswal na karahasan at pagsasamantala sa kababaihan at sa mga bata.

Itataguyod ang ganap na partisipasyon at demokratikong representasyon ng kababaihan sa gubyerno, mga organisasyong pang-ekonomya at mga institusyong panlipunan.

Isusulong ng bagong gubyerno, sa mga garantiyang konstitusyunal at ligal, ang mga positibong aksyon sa pagkilala at pangangalaga sa mga karapatan ng kababaihan sa lahat ng larangan ng gawain. Pawawalambisa ang lahat ng batas na umaalipusta sa kababaihan. Walang sinumang pagkakaitan ng karapatang magtrabaho, ng karapatan sa pantay na sahod sa gawaing magkapantay ang halaga, ng karapatang mag-ari, at ng pantay na karapatang pagkalooban ng serbisyo at pautang batay sa estado sibil o kasarian.

Itataguyod ang demokratisasyon ng pamilya upang mapawi ang pyudal o awtokratikong kontrol sa asawang babae at mga anak, at mapalakas ang kanilang boses sa pagdedesisyon sa loob at labas ng tahanan, tungo sa pagpapasigla ng kanilang partisipasyon sa pagpapalaya sa kababaihan at sambayanan.

Bibigyan ng bagong gubyerno ng karampatang mekanismo ang makatarungang resolusyon sa mga sigalot ng mag-asawa, kabilang na ang karapatan sa diborsyo. Gagarantiyahan ang mga karapatan ng kababaihan sa kanilang katawan at kapasyahang mag-anak o hindi mag-anak. Magkakaroon din ng karapatan ang mga nagsosolong ina sa mga benepisyong tinatamasa ng mga may-asawa.

Bibigyan ang kababaihan ng mga programa, suportang istruktura at mekanismo para lagutin ang kadena sa pagkabilanggo sa kanilang tahanan at pagkahiwalay sa lipunan. Susuportahan ang mga programa para sa abandonada at biktima ng pang-aabuso, ang pangangalaga sa kalusugan ng mga babae, ligtas na paraan ng kontrasepsyon, at pagpapaunlad sa kanilang mga kasanayan.

**13. Ano ang patakarang internasyunal ng Demokratikong Rebolusyong Bayan?**

Itataguyod ang aktibo, malaya at mapayapang patakarang internasyunal.

Gagawin ang lahat upang makapag-ambag sa pagpapalakas at pagpapalawak sa antiimperyalistang pandaigdigang nagkakaisang prente at makamit ang pinakamalawak na posibleng suportang internasyonal para sa rebolusyonaryong kilusan ng sambayanang Pilipino.

Bilang kinatawan ng mga rebolusyonaryong pwersa, naghahangad ang NDF ng diplomatikong pagkilala alinsunod sa katunayang ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ay mayor na partido sa digmaang sibil at hindi isang simpleng pwersang rebelde.

Kasabay nito, minamatyagan ng NDF ang lokal at internasyunal na mga panganib kaugnay ng paglahok sa anumang pakikipag-usap sa reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas.

Sa kabila ng pagkalusaw ng mga rebisyunistang rehimen at pamamayagpag ng hegemonyang superpower ng imperyalismong US (na kadalasa'y kumikilos sa ngalan ng United Nations at pakikipagsabwatan sa ibang bansa), naniniwala ang NDF na hindi maglalaon ay tutungo sa mas mataas na antas ng pandaigdigang rebolusyon ang tumitinding pang-aapi at pagsasamantala sa mga mamamayan ng mundo at sa tuluy-tuloy na pagkabulok ng mga lipunang neokolonyal. Ang rebolusyong Pilpino ay gumaganap ng espesyal na papel sa pagbabandila ng sulo ng armadong rebolusyon laban sa imperyalismo, neokolonyalismo at reaksyon.

Ang sistemang kapitalista sa daigdig ay nasa malubhang krisis ng sobrang produksyon na walang katulad sa nakaraan. Lubha itong nakapipinsala sa neokolonyal na papet na rehimen sa Pilipinas. Iniluluwal nito ang mga kondisyong paborable sa armadong rebolusyon. Kung paanong mahigpit na umaasa sa sarili ang rebolusyonaryong pakikibaka, sobrang nakasandig naman ang neokolonyal na papet sa imperyalistang amo nito.

Bahagi, at sumusuporta ang digmang bayan sa Pilipinas, sa pandaigdigang pakikibakang inilulunsad ng proletaryado at sambayanan, mga pambansang kilusang mapagpalaya, mga rebolusyonaryong partido, at mga progresibong estado laban sa imperyalismo at reaksyon.

Kasabay nito, ang pakikibaka ng mga sambayanan ng ibang bayan ay tumutulong sa pagsusulong ng rebolusyong Pilipino. Ang pagwawagi ng sariling rebolusyonaryong pakikibaka ang pinakamahusay na maiaambag ng

mga rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa adhikain para sa pambansang kalayaan, demokrasya, sosyalismo at kapayapaan ng daigdig.

Inilulunsad ang digmang bayan batay sa pag-asa-sa-sarili. Subalit sa harap ng walang humpay na papalaking suporta ng US sa armadong kontrarebolusyon, kailangan ang malawak na suporta ng iba't ibang sambayanan at rebolusyonaryong pwersa ng daigdig. Lumalakas ang tuwirang panghihimasok ng US at palaging nakaamba ang panganib ng pananalakay nito sa Pilipinas.

Tunay na kaibigan ng sambayanang Pilipino yaong sumusuporta sa rebolusyong Pilipino. Nagpapasalamat at tinatanggap ng PDPP ang kanilang suporta para higit na palakasin ang rebolusyonaryong kilusan, at lumaban nang may ibayong sigla para sa mga karapatang pambansa at demokratiko.

Pagkatapos ng pambansang pag-agaw ng rebolusyonaryong kilusan sa kapangyarihang pampulitika, mananatiling pangunahing suliranin ng sambayanang Pilipino at ng mga mamamayan ng daigdig ang imperyalistang paghahari at pananalakay. Hindi mababago, bagkus mananatiling pangunahing tungkulin, ang patuloy na pagpapalakas at pagpapalawak sa antiimperyalistang pandaigdigang nagkakaisang prente. Sa ganitong diwa itataguyod ng demokratikong estadong bayan ang isang aktibo, malaya at mapayapang patakarang internasyunal.

Tututulan ng bagong gubyerno ang anumang panghihimasok sa mga usaping panloob ng bansa at puspusang ipagtatanggol ang sarili laban sa anumang dayuhang pananalakay.

Sisikapin ng bagong gubyerno na mapaunlad ang malapit at mainit na relasyon sa mga bansa ng Ikatlong Daigdig at mga bansang sosyalista. Makikipag-ugnayan din ang Pilipinas sa mga kapitalistang bayan batay sa mabunga at pantay na pakinabang sa isa't isa. Susuportahan ng bagong gubyerno ang mga makatarungang mithiin at pakikibaka ng ibang sambayanan, laluna ang mga anti-imperyalistang kilusan, at aktibong lalahok sa kilusan sa pagtatatag ng makatarungang kaayusang pang-ekonomya sa daigdig.

Magbubukas ng relasyong diplomatiko at ekonomiko ang bagong gubyerno sa lahat ng bansa, anuman ang ideolohiya o sistemang panlipunan ng mga iyon. Sa pagpapaunlad sa mga relasyong ito, susundin ang mga prinsipyo ng paggagalangan sa soberanya, kalayaan, integridad ng teritoryo, mutwal na

pakinabang, at mapayapang paglutas ng mga tunggalian sa pagitan ng mga estado.

Makikipagtulungan ang bagong gubyerno sa mga estado sa Timog-Silangang Asya sa paglikha ng mga kondisyon upang ang bawat estado ay makapagpaunlad nang mapayapa. Isusulong nito ang pagbabawal ng mga armas-nukleyar at mga dayuhang base-militar sa rehiyon.

Igigiit ng bagong gubyerno ang pangangalaga sa mga karapatan ng lahat ng migranteng Pilipino, at aasikasuhin ang problema ng mga Pilipino sa ibayong dagat. Igagalang din nito ang mga karapatan ng lahat ng dayuhang pansamantala o permanentng naninirahan sa Pilipinas.

Kakatigan ng bagong gubyerno ang UN Charter at tututulan ang paggamit sa UN para sa mga interes ng imperyalismo, neokolonyalismo at reaksyon. Susuportahan ng demokratikong estadong bayan ang anumang resolusyon o inisyatiba ng pandaigdigang komunidad na nagpapatibay sa soberanya, kasarinlan, at pagkakapantay-pantay ng mga bansa, at nagtatanggol at nagsusulong sa kapayapaan at pag-unlad ng daigdig.

## H. Ang Perspektiba ng Rebolusyong Pilipino

**1. Ano ang perspektiba ng rebolusyong Pilipino at paano matitiyak ang pagsulong tungo rito?**

Sosyalista, at hindi kapitalista ang perspektiba ng rebolusyong Pilipino. Sa pagwawagi ng Demokratikong Rebolusyong Bayan, nakukumpleto na sa saligan ang pambansa-demokratikong rebolusyon at masisimulan na ang sosyalistang rebolusyon. Layunin ng sosyalistang rebolusyon na patatagin ang diktadura ng proletaryado, at isulong ang sosyalistang transpormasyon ng lipunan at sosyalistang konstruksyon hanggang sa komunismo.

Ang sosyalistang perspektiba ay magsisilbi para maiwasan ng pambansa-demokratikong kilusan na mahulog sa pagkabigo at sa pagkabulok nito tungo sa sobinismo at pasismo.

Ipinapanukala ng mga oportunistang taksil na ang layunin ng rebolusyong Pilipino ay ang pagtatayo ng pambansa-demokratikong lipunan, na walang iba kundi ang pagkokonsolida ng kapitalismo. Isang kaugnay na ideya ang

panukalang may "yugtong transisyon" bago isulong ang sosyalistang rebolusyon matapos maipagwagi ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Ipinapanukala ng dalawang maling pananaw na ito na kailangang konsolidahin muna ang kapitalismo bago isulong ang sosyalistang rebolusyon, o kaya'y may pananaw na nagsisimula ang sosyalistang rebolusyon sa kalagayang malakolonyal at malapyudal.

Bigo ang ganitong panukala sa pagsapol na sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa pamumuno ng proletaryado, kumpleto na ito sa saligan. Hindi nito sapul na bagong tipo ang pambansa-demokratikong rebolusyon: ang pamumunong makauri ng proletaryado, ang pagpapaunlad ng hukbong bayan, pagtatatag ng mga organo ng Pulang kapangyarihang pampulitika at ibang mga sangkap ng estado poder sa makauring pamumunong proletaryo, ang perspektibang sosyalista at ang konteksto ng rebolusyong proletaryo-sosyalista sa mundo. Inuuk-ok at pinapanghina nito ang makauring pamumunong proletaryo.

Sa proseso pa lamang ng pambansa-demokratikong rebolusyon, pinauunlad na ang mga salik at kondisyon para sa paglulunsad ng sosyalistang rebolusyon sa hinaharap. Hindi wastong sabihin na nagsisimula ang sosyalistang rebolusyon sa kalagayang malakolonyal at malapyudal dahil ang kalagayang ito ay winawakasan na ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Pinakamahalagang salik sa pulitika sa transisyon mula sa demokrasyang bayan tungo sa sosyalismo ang makauring pamumunong proletaryo na nakabatay sa alyansang manggagawa-magsasaka. Ang proletaryado sa pamamagitan ng pinakasulong na destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas, ay may tungkuling likhain ang mga kondisyon tungo sa sosyalismo o sa pagbabago ng demokratikong diktadurang bayan upang maging diktadura ng proletaryado. Tulad ng pakikibaka sa pag-agaw nang kapangyarihan, pangunahing umaasa ang uring manggagawa sa malawak na masa ng maralita at nakababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid sa pagpapatatag ng diktadura ng proletaryado at sa transpormasyong sosyalista ng batayang pang-ekonomya.

Mahahalagang salik rin ang hukbong bayan bilang pangunahing sangkap ng kapangyarihang pang-estado sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido, ang makauring diktadura ng proletaryado sa ubod ng demokratikong bayan na anyo ng pamahalaan, at ang saligang alyansa ng uring manggagawa at uring magsasaka bilang siyang pundasyon ng nagkakaisang prente. Idedepensa nito

ang sambayanan at ang estado mula sa panlabas at panloob na mga kaaway, at lagi nitong tutulungan ang mga proletaryong rebolusyonaryo at ang masa sa kanilang pakikibaka. Mananatili ang hukbong bayan na isang dakilang paaralan ng kabataan bilang mga tagapagpatuloy ng rebolusyong Pilipino.

May mga transitoryong hakbang sa panahong ito na may katangiang burges demokratiko, pero sekundaryo ang mga ito, at nilulutas ang problema ng sistema ng pag-aari ng mga kasangkapan sa produksyon, tulad ng reporma sa lupa at mga konsesyon sa gitna at maliliit na prodyuser at nakapailalim ang mga karapatang burges sa kagyat na limitasyon, kabilang ang pagbabawal ng mga monopolyong pribado at ang pagtitiyak na hindi maging dominante sa lipunan ang kapitalismo. Sa angkop na panahon, itatransporma sa pagmamay-aring sosyalista ang mga ari-ariang produktibo ng gitna at maliliit na prodyuser. Maitatatag ang sosyalistang sektor ng mga empresang pang-estado at mga kooperatiba sa industriya at agrikultura. Ang mga ito ay itataguyod at isusulong ng proletaryado upang likhain ang base ng sosyalistang ekonomya. Ang pag-iral ng kapitalismo at ang ekonomya ng mayamang magsasaka ay ilimitahan at hindi kailanman hahayaang makapangibabaw. Titiyakin ang makatwirang sahod at papaglilingkurin ang kanilang produksyon sa kabuuang plano at produksyon ng pangangailangan ng mamamayan.

Iba pang transitoryong hakbang ang kaugnay ng tauhang administratibo ng estado. Napaimposible na mapalitan agad lahat ng mga Komunista at rebolusyonaryo ang tauhan ng estadong pinabagsak at ng mga institusyong pang-ekonomya, pangkultura at panlipunan, at makakasagka sa sa konsolidasyon ng estadong sosyalista. Makakapinsala din naman ang maluwag na pagtanggap sa buhos ng aplikante para sa pagsapi sa Partido nang hindi nagdadaan sa edukasyon at pagpapanday bilang rebolusyonaryo.

Hindi “kakatwang sitwasyon” ang paggamit ng ganitong mga transitoryong hakbang. Kung hindi gagawin ang ganito, halimbawa ang reporma sa lupa, mawawasak ang alyansang manggagawa-magsasaka, at hindi makokonsolida ang sosyalistang estado.

Nais ng oportunistang “Kaliwa” ng sosyalisasyon ng pagmamay-ari ng lahat ng bagay sa isang iglap, nang kinakalaban ang mga alyado ng proletaryado at nawawalan ng suporta nila. Nais ng oportunistang Kanan na walang-taning na mapatagal ang transitoryong mga hakbang na burges-demokratiko maski lipas na ang mga layunin ng mga ito at sa gayon hinahayaang mabuhay muli ang burgesya at makaipon ng lakas sa ekonomya at pulitika.

Patuloy na titiyakin ng proletaryado at ng rebolusyonaryong partido nito na babaguhing ganap ng mga manggagawa, magsasaka at kawal ang superistruktura upang umayon ito sa sosyalistang batayang materyal. Mulat na babakahin ang mga impluwensya, gawi, at kaisipang burges at petiburges. Tuluy-tuloy na magsasagawa ng sosyalistang edukasyon sa hanay ng mamamayan. Paulit-ulit na ibinubunsod ang dakilang proletaryong rebolusyong pangkultura upang mapanatiling pula ang kulay-pampulitika ng Pilipinas.

## MGA SANGGUNIAN


1. Amado Guerrero, *Lipunan at Rebolusyong Pilipino*
2. Amado Guerrero, *Mga Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan*
3. Jose Ma. Sison, *Krisis at Rebolusyong Pilipino*
4. *Patnubay Para sa mga Kadre at Kasapi ng Partido*
5. Jose Ma. Sison, Demokrasya at Sosyalismo, (*Makibaka Para sa Pambansang Demokrasya*)
6. Programa ng Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas (pinagtibay ng Pambansang Kumperensya ng NDF noong 1994)
7. Editoryal, *Ang Rebolusyon*,Serye Blg 3, 1995, Tungkol sa Usapin ng mga Yugto sa Rebolusyong Pilipino
8. Memo ng KTKS, Enero 15, 1998, Gabay sa Pakikitungo sa Eleksyong 1998